SA PAGKILOS NG KOMUNIDAD

GABAY

para sa Pananaliksik Na Pamumunuan Ng Komunidad



INTERNATIONAL
ACCOUNTABILITY PROJECT

© Copyright 2018, International Accountability Project
www.accountabilityproject.org
Disenyo at Paglalatag ni Letizia Farisato
Larawang-guhit ni Haris Ichwan

Talaan ng NILALAMAN

KAPANGYARIHAN NG PANANALIKSIK NA PAMUMUNUAN NG KOMUNIDAD **2**

ANO ANG PANANALIKSIK? **5**

Alamin: Kaligtasan at seguridad sa pananaliksik na pamumunuan ng komunidad 8

Tukuyin ang paksa ng inyong pananaliksik 12

Gawin: Ang nakikita ng mga ibon sa aking baranggay 13

Karanasan sa pananaliksik na pamumunuan ng komunidad: ang kuwento ni Mela 18

SINONG MAGIGING BAHAGI NG INYONG PANANALIKSIK? **22**

Sinong kasama sa iyong grupo ng mananaliksik? 23

Alamin: Paggawa ng plano sa seguridad 26

Sino ang iyong mga kaalyado, tagapanood, at taga-impluwensya? 27

Gawin: Paghahanap ng kaalyado 29

PAANO ISASAGAWA ANG INYONG PANANALIKSIK? **34**

Pagdisenyo ng kagamitan ng pananaliksik 35

Gawin: Kilalanin ang inyong kapitbahay 39

Karanasan sa pananaliksik na pamumunuan ng komunidad: ang kuwento ni Sukhgerel 42

Sanayin ang inyong grupo 46

Alamin: Kaligtasan at seguridad sa komunikasyon 49

Kumalap ng datos 50

Alamin: Kaligtasan at seguridad sa pagkalap ng datos 54

PAG-UNAWA AT PAGBAHAGI NG INYONG MGA NATUKLASAN **55**

Ayusin ang inyong natuklasan 56

Gawin: Sinong kailangan ng kompyuter para magbilang? 57

Alamin: Isali ang Komunidad sa Buong Proseso 60

Suriin ang mga natuklasan 61

Ibahagi ang mga natuklasan 65

Gawin: Isuot ang kanilang sapatos 66

Sama-samang kumilos! 70

Karanasan sa pananaliksik na pamumunuan ng komunidad: ang kuwento ni Elias 71

MGA MATERYALES SA PAGGAWA **75**

Kapangyarihan Ng

PANANALIKSIK NA PAMUMUNUAN NG KOMUNIDAD



"Ano ang layunin ng inyong komunidad para sa hinaharap? Meron bang ninanais ang inyong komunidad na wala sa inyo ngayon?"

Nang tanungin namin ito sa mga kalahok sa workshop sa isang lalawigan sa Myanmar, isa sa kanila ang sumagot, "Wala kaming kapangyarihang mag-desisyon niyan."

Kadalasan, pakiramdam natin na ang kapangyarihang mag-desisyon tungkol sa kinabukasan ng ating komunidad ay inalis sa atin. Ngunit hindi natin kailangang maramdaman na wala tayong kapangyarihan. May mga hakbang tayong maaaring gawin upang bawiin ang kontrol at tukuyin ang mga sarili nating prayoridad sa pagpapa-unlad ng ating komunidad. Ang mga ideya at husay na pinamumunuan ng komunidad ay maaaring magbigay-daan sa pag-unlad na nirerespeto ang mga tao at pinoprotektahan ang kapaligiran.

Ang pagsasagawa ng **pananaliksik na pamumunuan ng komunidad** ay isang mabisang paraan ng pagtugon ng mga komunidad sa mga suliranin sa pag-unlad, at para maipahayag ang kanilang prayoridad sa pagpapa-unlad.

Ang pananaliksik na pamumunuan ng komunidad ay isang proseso kung saan ipinagkakatiwala ng komunidad sa kanilang sariling lokal na kaalaman nag pagtukoy ng isyu, pagninilay-nilay tungkol dito, at ang pagmungkahi ng solusyon.

Maaaring magsagawa ang komunidad ng sarili nitong pananaliksik meron man o wala itong suporta mula sa mga kaalyado gaya ng mga NGO, akademiko, o ng gobyerno. Makakatulong man ang mga kaalyado sa pagpapadali ng proseso, pagbibigay ng mga payo, o pagtulong sa pagsusuri ng mga resulta, ang komunidad pa rin ang namumuno sa pananaliksik at ang gumagawa ng mga desisyon. Ang pananaliksik na pamumunuan ng komunidad ay paraan at gayon din ay kahihinatnan ng pag-unlad na hinahangad ng mga komunindad – isang proseso kung saan patas ang kapangyarihan at napapakinggan ang lahat ng boses.i

Sa katunayan, kapag gumagawa ng sariling pananaliksik ang mga komunidad, may mga bagay silang maaaring matuklasan na hindi matutuklasan ng mga nasa labas ng komunidad. May angking kaalaman ang mga komunidad tungkol sa kanilang paligid at kapaligiran na maaaring hindi alam ng mga tagapamahala at mga nagpa-plano. Madalas, nakakatulong sa komunidad ang mismong proseso ng pagsasaliksik upang lalo nilang maunawaan ang problemang kanilang

kinakaharap, magkaroon ng kumpiyansa sa kanilang kaalaman at mga ideya, pagtibayin ang pagkakaisa at pananagutan ng mga miyembro ng komunidad, at matuto ng mahahalagang kasanayan para sa pag-organisa ng komunidad. Kapag pinagsama-sama, magagamit ang mga kasanayan at resulta na makukuha mula sa proseso ng pananaliksik sa pagbuo ng mga programang pamumunuan ng komunidad.

Pinapakita ng resulta ng pananaliksik na pamumunuan ng komunidad na posible ang mga alternatibo, at ang buong proseso ng pagpapa-unlad ay maaaring baguhin upang mabawi ng mga komunidad ang kanilang kapangyarihan. Kung ilalagay ng mga komunidad ang kanilang sarili at kanilang mga layunin sa sentro ng proseso ng pagpapa-unlad, magiging makapangyarihang kagamitan ang pananaliksik na pamumunuan ng komunidad!

Sa gabay na ito, may makikita kayong mga gawain at kagamitan upang makapag-plano at makapagsagawa ng pananaliksik na pamumunuan ng komunidad. May mga matutunan din kayong mga payo at estratehiya mula sa kuwento ng mga nag-o-organisa ng mga komunidad na nagsagawa ng pananaliksik sa iba't ibang bahagi ng mundo. Kasama ng gabay na ito, meron ding Checklist Bilang Suporta Sa Pananaliksik Na Pamumunuan Ng Komunidad na maaari mong gamitin bilang paalala ng mga aralin sa Gabay na ito, at Modelo ng Sarbey para sa Pananaliksik na Pamumunuan ng Komunidad na maaari mo ring gamitin at ihalaw para sa iyong sariling komunidad.







Magsimula na tayo!

ANO ANG PANANALIKSIK?

Alamin: Kaligtasan at seguridad sa pananaliksik na pamumunuan ng komunidad 8


Tukuyin ang paksa ng inyong pananaliksik 12

Gawin: Ang nakikita ng mga ibon sa aking barangay 13

Karanasan sa pananaliksik na pamumunuan ng komunidad: ang kuwento ni Mela 18

Kapag narinig mo ang salitang "pananaliksik," ano ang naiisip mo? Pakiramadam mo ba ay mga piling tao lang ang gumagawa nito? Pakiramdam mo ba ay mahirap itong gawin, at para lamang ito sa mga propesor sa mga unibersidad?





Hindi kailangang ganon ang maramdaman natin tungkol sa pananaliksik. Naniniwala kami na dapat ito ay isang prosesong pinagtutulungan, kung saan ang komunidad ay may kapangyarihang tukuyin, pamunuan at isagawa ang pananaliksik sa paksang sila mismo ang pipili, at nararamdaman ng lahat ng kalahok na sila ay malayang mag-ambag, magkuro-kuro at gamitin ang kaalamang makakalap mula dito.



Binigyan-kahulugan ng Mekong Community Institute ang pananaliksik na pamumunuan ng komunidad bilang *"paghahanap sa karunugan base sa lokal na kadalubhasaan ng mga miyembro ng komunidad, para sa ikabubuti ng komunidad."* Madalas sa ibang pananaliksik, nagsisimula ito sa mga tanong mula sa taong nasa labas ng komunidad. Sa pananaliksik na pamumunuan ng komunidad, ang mga miyembro ng komunidad mismo ang tumutukoy ng sarili nilang paksa, mga tanong at proseso, kung saan nagagawa nilang lumikha, magsuri at ipaliwanag ang sarili nilang karunungan at karanasan. Sa pananaliksik na pamumunuan ng komunidad, pinagtitibay ng komunidad ang kanilang lokal na kaalaman, kaugalian at tradisyon, at pagmamay-ari nila ang kaalaman na nagbubunga dito. Hindi na lamang pokus o paksa ng pananaliksik ang komunidad. Hindi lamang mananaliksik o akademiko – ang komunidad ay dalubhasa din!

ALAMIN

KALIGTASAN AT SEGURIDAD SA PANANALIKSIK NA PAMUMUNUAN NG KOMUNIDAD

Maaaring maging makapangyarihan at epektibong proseso ang pananaliksik na pamumunuan ng komunidad, ngunit meron ring mga panganib na dapat isaalang-alang.



Minsan, pinagbabantaan o sinasaktan ang mga tao dahil sa pagtalakay o paghingi ng impormasyon tungkol sa isang proyektong pagpapa-unlad, isang kumpanya o kaya ng kanilang gobyerno. Ang mga pagbabanta at pananakit na ito ay maaaring manggaling sa iba't ibang klaseng tao tulad ng mga awtoridad, mga kumpanya, mga makapangyarihang grupo, o mga bahagi mismo ng komunidad. Ito ang ilang halimbawa ng mga klase ng panganib na kinakaharap ng mga tagapagtanggol ng karapatang pantao sa iba't ibang bahagi ng mundo. Sa kasamaang palad, maaaring mangyari ang mga ito sa kahit sinong bahagi ng mga sensitibong proyekto.

- Paratang ng pagiging 'kalaban ng estado,' 'kalaban ng relihiyon,' 'kinatawan ng Kanluraning kapangyarihan,' 'miyembro ng mga grupo ng armadong oposisyon,' 'nagtatrabaho para sa sex,' 'trapiker,' 'korap'
- Pipigilang bumiyahe, magsulat o makipag-ugnayan sa iba

- Mga banta ("kapag hindi ka tumigil, ipahuhuli namin ang anak mo.")
- Komplikadong balakid na pang-administratibo – pag-uutos na magbigay ng napakaraming pinansyal na impormasyon, o pagpapahirap sa pagpaparehistro o muling pagpaparehistro ng organisasyon
- Pisikal o sekswal na pang-aabuso
- Pagtira ng kabuhayan – pag-alis ng trabaho o oportunidad sa edukasyon
- Pagtira sa pag-aari – pagsira o pagwasak ng sasakyan, bahay o opisina
- Pagkulong, paghuli o pagbilanggo – maaaring base sa maling paratang, mga kasong sibil o kriminal, o paninirang-puri
- Pagpapahirap o labis na pananakit
- Pagdukot, pagkidnap o pagpatay



***Ang listahang ito ay base sa Workbook ng mga Frontline na Manananggol sa Seguridad. Para sa karagdagang impormasyon at gawain (kabilang na ang pagsusuri ng panganib at banta) pumunta sa http://bit.ly/HRDWorkbook*

Base sa mga panganib na ito, lahat ng interesadong sumali sa pananaliksik na pamumunuan ng komunidad ay dapat magkaroon ng kakayahang magdesisyon kung gusto at paano nila gustong lumahok. Basahin ang Checklist Bilang Suporta Sa Pananaliksik Na Pamumunuan Ng Komunidad na kabilang sa mga Materyales Sa Paggawa, para maintindihan ang magiging kabuuang proseso ng pananaliksik para sa inyong komunidad. Pag-isipan ang kasalukuyang sitwasyon sa inyong komunidad, at pag-aralan ang posibilidad ng mga malalang pinsala na maaaring mangyari kapag sinimulan ang inyong pananaliksik, at sa bawat hakbang ng proseso.

Kung mataas ang tsansa ng panganib, at maaaring malagay sa peligro ang mga lalahok sa mga gawain ng pananaliksik, maaaring humanap ng mga alternatibong pamamaraan. Maaari ring mabilis magbago ang kalagayan ng seguridad, kaya kailangan niyo ring bantayan ito sa kabuuang proseso ng pananaliksik.

Nakakatakot mang suriin ang seguridad ng inyong sitwasyon, ngunit may mga paraan upang mabawasan ang panganib nito. Halimbawa, ang pagsagawa ng hindi regular na pagtitipon ng mga miyembro ng komunidad ay maaaring makatawag ng pansin ng mga awtoridad. Kapag magsasagawa ng pagtitipon, isaalang-alang ang mga sumusunod na opsyon:

- Magsimula sa pagsasagawa ng maliit na pagtitipon ng hindi lalampas sa 5 katao sa isang lokal na kainan, bilihan ng tsaa, o kapihan
- Magsagawa ng pagtitipon sa mga 'piknik' o ibang mga gawain na madalas ginagawa ng mga tao sa mga lugar na madalas puntahan ng mga turista tulad ng talon, parke o lawa

- I-organisa ang mga relihiyoso o hindi-relihiyosong tradisyonal na seremonya upang maging lugar ng talakayan ukol sa mga sensitibong isyu nang hindi paghihinalaan



Makakakita pa ng ibang suhestiyon upang mabawasan ang panganib sa mga kahong "Alamin" na makikita sa buong Gabay.

TUKUYIN ANG PAKSA NG INYONG PANANALIKSIK

Ang unang hakbang sa kahit anong pananaliksik na pamumunuan ng komunidad ay ang pagtukoy ng paksa ng pananaliksik kasama ang komunidad. Upang makapaghikayat ng maraming kalahok, mag-organisa ng isang pagpupulong, o maraming pagpupulong, para mapukaw ang interes ng komunidad. Ibahagi sa kanila kung ano ang pananaliksik na pamumunuan ng komunidad, at ipaliwanag na ang komunidad ang bahala sa pagpasiya kung ano ang gagawing pananaliksik, paano ito isasagawa, at kung ano ang gagawin sa mga matutuklasan.

Kapag naipaliwanag na ang proseso, subukang tukuyin ang pinakamahahalagang tanong ng pananaliksik, base sa mga komento at talakayan sa loon ng inyong komunidad. Siguraduhing isali ang mga kababaihan, mga kabataan, mga may-kapansanan, at iba pang miyembro ng komunidad na hindi gaanong kinakatawan o nasasali sa mga ganoong klaseng usapan. Posibleng kailanganin ng dagdag na hakbang upang masiguro na lahat ay maaaring makisali sa usapan, tulad ng pagdaraos ng hiwalay na pagpupulong para lang sa kababaihan o sa kabataan.



GAWIN

ANG NAKIKITA NG MGA IBON SA AKING BARANGGAY

Layunin:
Upang siyasatin ang mga isyu na sa tingin ng komunidad ay mahalagang pag-aralan, at upang bumuo ng mga prayoridad sa pagpapaunlad na pamumunuan ng komunidad.

Tagal: 1 hanggang 2 oras


Mga Materyales:
Papel ng flipchart, mga sticky notes o may-kulay na papel na nakatape, mga bolpen, marker o iba pang mga panulat



PANUTO

UNANG BAHAGI: ANG PANANAW MULA SA ITAAS NG AKING KOMUNIDAD

1. Tipunin ang mga tao sa isang karaniwang lugar kung saan lahat sa komunidad ay maaaring pumunta at makilahok.
2. Ipaliwanag na ang layunin ng gawain ay upang matukoy ang mga pinakamahahalagang isyu na kinakaharap ng komunidad na gusto nilang mas mapag-aralan pa.
3. Sabihin sa mga kalahok na mag-kunwari silang mga ibong lumilipad sa langit, at gamit ang perspektibong ito, nakikita nila ang balangkas, guhit, at mahahalagang katangian ng kanilang komunidad. Sa lupa, o sa papel ng flipchart, sabihin sa mga kalahok na hanapin at markahan ang mga direksyon (Hilaga, Timog, Silangan, Kanluran) o mga mahahalagang lugar, tulad ng isang malaking puno, isang bundok, o sentro sa komunidad. Kadalasa'y mas madaling iguhit ang mapa sa lupa gamit ang mga materyales na meron, saka ilipat ito sa isang papel.
4. Gamit ang mga direksyon o mga mahahalagang lugar bilang palatandaan, iguhit ang mga dulo ng baranggay. Iguhit ang mga daan o kung anumang sapa o ilog na kinasasakupan ng baranggay.




(Ang ika-3 at 4 na hakbang ay maaaring matapos sa loob ng 10-15 minuto. Ipaalala sa mga kalahok na hindi kailangang gandahan ang mapa, basta naroon ang mga marka at palatandaan!)

5. Sabihin sa mga kalahok na tukuyin ang iba pang mahalaga at pampublikong lugar tulad ng mga paaralan, mga mapagkukunan ng tubig pang-inom, mga ospital, mga relihoyosong lugar, mga tulay, o mga silungan.
6. Tanungin ang mga kalahok kung merong mga iba't ibang etniko o relihiyosong grupo sa baranggay o sa mga kalapit nito. May iba pa bang mga grupo? Markahan ang mga ito sa mapa. O, isulat ang mga marka sa maliliit na pirasong papel o sticky notes at ilagay ito sa mapa.

PART 2: IDENTIFYING OUR RESEARCH TOPIC

7. Ngayong meron na kayo ng pananaw mula sa itaas ng inyong komunidad, bumuo ng maliliit na grupo na tig-5 katao. Sabihin sa mga kalahok sa bawat grupo na talakayin at tukuyin kung meron silang mga kinakaharap na problema o suliranin gaya nang pagkawala ng pagkukunan ng lupa, kakulangan ng tubig, karahasan sa tahanan, o kakulangan ng mga paaralan. Kayo man ay interesado sa pagtugon sa isang kasalukuyang proyekto ng pagpapaunlad, o interesado sa paggawa ng sarili ninyong proyekto, maaari niyo ring itanong ang mga ganitong klaseng tanong:
   a. Ano ang mga inaalala ng inyong komunidad?
   b. Anong mga problema ang, kung malulutas, ay magpapabuti sa pamumuhay ng komunidad?
   c. Anong mga suliranin ang kailangang malampasan upang maging mas masaya at mas malusog ang iba't ibang grupo ng tao sa ating komunidad
8. Pagtapos ng talakayan ng maliit na grupo, sabihin sa mga kalahok na iguhit ang larawan ng kanilang mga ideya, o isulat ang mga ito sa pirasong papel o sticky note. Ilagay ang mga ito sa mapa ng komunidad.
9. Sabihin sa mga kalahok na pumili ng 1 hanggang 3 karaniwang isyu. Sabihing pag-isipan nila kung ano ang nangyayari dulot ng mga isyung ito, at anong mangyayari kung malulutas ang mga problemang ito. Anyayahan silang ibahagi ang kanilang mga ideya sa buong grupo.



Pumili ng isang tao na magsusulat ng mga mababanggit sa isang papel at ilagay ito sa tabi ng mapa. Pagkatapos, para sa bawat natukoy na isyu, tanungin:

a. ***Anong ang mga epekto ng problemang ito sa ating komunidad?***

Ang mga epekto ay ang mga madalas nakikita, naririnig o nararamdaman ng mga tao bilang bahagi ng problema.

b. ***Ano ang mga direktang sanhi ng problemang ito?***

Ang mga sanhi ay madalas ang mga bagay na hindi nakikita o nakatago, na nakakadagdag sa problema. Sa madaling sabi, anong mga sitwasyon ang direktang sumusuporta sa problema?

c. ***Ano ang pinaguugatan ng problema na kailangan nating baguhin?***

Ang pinaguugatan ng problema ay ang mga pangunahing dahilan ng mga sitwasyong direktang sanhi ng problema. Maaaring higit sa isa ang matukoy na pinaguugatan ng problema sa isang sitwasyon – alin ang pinakamahalagang baguhin ng inyong komunidad, upang malutas ang problema?

d. ***Anong impormasyon ang kailangan natin upang malutas ang problemang ito?***

Ito ang isang halimbawa ng problema ng kakulangan ng pagkain sa isang komunidad:

Epekto

- Malnutrisyon sa mga bata sa komunidad
- Bumaba ang kita ng mga miyembro ng komunidad

Direktang Sanhi

- Kaunting isda ang nahuhuli sa ilog

Pinaguugatan ng Problema

- Pumupunta sa amin ang mga kalapit na komunidad upang mangisda
- Isang dam ang initayo sa tabi ng kalapit naming komunidad
- Hindi sinuri ang epekto ng dam sa aming komunidad nung ito ay minumungkahi at tinatayo pa lamang

10 Sa isang hiwalay na papel ng flipchart, isulat ang inyong mga mahahalagang isyu at ang mga sagot sa mga tanong na nabanggit. Talakayin kung alin sa mga puntong iyon ang nais ninyong pag-aralan at imbestigahan sa inyong pananaliksik na pamumunuan ng komunidad. Tukuyin ang partikular na paksa sa pamamagitan ng paghiwa-hiwalay ng mga bahagi ng isyu, epekto at pinaguugatan ng problemang nais niyong harapin.

***Ang gawaing ito ay hango sa Mapang Panlipunan ng Kagamitan ng Network mula sa Action Aid at sa gawaing "Pagsiyasat ng Problema" sa Toolkit ng Pagpapabilis ng mga Kampanya mula sa MobLab. Maaaring kunin ang mga materyales mula sa:*
http://bit.ly/ActionAidNetworkedToolboxMap
http://bit.ly//MobLabCampaignAcceleratorDefine

Tandaan, ang paksang mapipili ay maaaring iba sa matutukoy ng mga bangko sa pagpapaunlad, mga namamahala ng proyekto o ng gobyerno. Maaaring hamunin ang kanilang mga panukala, lalo na kung ang mga ito ay mali o hindi kumpleto. Halimbawa, kung nagsasagawa ng pananaliksik tungkol sa umiiral at posibleng epekto sa tao at kapaligiran ng isang proyekto, maaari niyong ibahagi ang mga detalyeng kulang, hindi naisama o mali sa mga "opisyal na dokumento" na ginawa ng mga bangko sa pagpapaunlad, mga namamahala ng proyekto o ng gobyerno.

Karanasan sa pananaliksik na pamumunuan ng komunidad

ANG KUWENTO NI MELA



Kamusta? Ako si Mela! Isa akong nag-oorganisa ng komunidad mula sa Zimbabwe. Sa nakalipas na walong taon, tumutulong ako sa mga komunidad sa Aprika upang isulong ang pagkakaroon ng bisibilidad sa gawain ng mga industriyang ekstraktibo (nangunguha ng kagamitang hilaw). Tinuturuan ko at sinusuportahan ang mga komunidad na magsagawa ng sarili nilang pananaliksik at tukuyin ang mga suliranin sa kaunlaran na kanilang hinaharap. Naniniwala ako na ang pananaliksik na pamumunuan ng komunidad ay isang makapangyarihang kasangkapan upang ang mga komunidad ay makapagbahagi ng kanilang kuwento at matupad ang klase ng pagbabago na nais nilang makita.

Una akong gumawa ng pananaliksik na pamumunuan ng komunidad sa aking sariling komunidad sa Marange sa Silangang Zimbabwe. Noong 2006, natuklasan ang mga latak ng diyamante sa Marange at nagdulot ito ng malawakang pagmimina na siyang sanhi ng paglabag sa aming karapatang pantao. Sa pamamagitan ng pananaliksik na pamumunuan ng komunidad, sama-sama naming sinubukang maunawaan ang pinaguugatan ng aming mga problema. Isa sa pinakamahalagang hak-

Si Melania Chiponda ay mula sa komunidad ng Marange sa Zimbabwe, at siya ang Pang-rehiyon na Koordinado ng Kampanya sa WoMin, isang Aprikanong alyansa para sa kasarian at ekstraktibong industriya na nagsusulong ng Aprikanong laban sa ekstraktibismo, katarungan para sa kapaligiran, at mga naka-sentro sa kababaihang alternatibo sa nakapipinsalang modelo ng pagpapaunlad. Nauna dito, si Mela ang nagtatag at Koordinado ng Proyetko para sa Chiadzwa Community Trust.

Si Mela ay bahagi ng Global Advocacy Team ng IAP, isang inisyatiba na nagbubuklod ng mga taga-organisa ng mga komunidad na nakaranas ng mga proyektong pagpapaunlad upang magsagawa ng pan-

bang sa prosesong ito ay ang pagtukoy at pagkakasundo sa paksa ng pananaliksik. Sa Marange, tinalakay namin kung paano kami nawalan ng lupa, mga pagkukunan, at mga kabuhayan na napunta sa mga kumpanyang nagpapatakbo ng mga minahan. Sa aming pag-uusap, napagtanto namin na kung mapipigilan namin ang mga pribadong kumpanya sa sapilitang pagkuha ng aming lupa, maaari din naming maprotektahan ang aming mga pinagkukunan at kabuhayan. Natukoy namin na ang pag-agaw ng aming lupa ang pinaguugatan ng aming mga problema.

Minsan, hindi madaling matukoy ang pangunahing problema. Kailangan niyong maging mapag-matiyag at ayusin ang pokus ng pananaliksik base sa sagot ng mga tao sa inyong tanong. Halimbawa, sa ibang komunidad, naisip namin nung una na pag-agaw ng lupa ang pangunahing isyu, ngunit sa proseso ng aming pananaliksik, napansin naming kawalan ng pagkukunan ng tubig ang pinag-uusapan ng lahat. Napagtanto naming ito ang pangunahing problema na nais malutas ng komunidad, at sinigurado naming nakikita ito sa ulat ng aming pananaliksik.

Sa Marange, ang aming grupo ng mananaliksik ay kinabibilangan ng pitong lokal na kabataan, at sa ibang pagkakataon, may mga pinuno ng komunidad at mga taga-organisa na nagsasama-sama upang pamunuan ang pananaliksik. Kung walang kababaihan doon, o kung tahimik ang mga ito, nagsasagawa kami ng pangalawang talakayan para lang sa mga babaeng kalahok. Sinimulan namin ang talakayan sa analiksik na pamumunuan ng komunidad at i-mobilisa ang kanilang komunidad para baguhin ang konsepto at pagsasagawa ng kaunlaran. Basahin ang kabuuan sa bit.ly/IAP_GAT

Ang sarbey na ginamit ni Mela sa kanyang pananaliksik ay ang Modelo ng Sarbey na ginawa ng Global Advocacy Team at kasama sa mga Materyales sa Paggawa.



Zimbabwe

"Sometimes, it might not be easy to identify the primary problem right away.

"Today, people in Marange are making sure their voice is heard.

pagpapaliwanag ng dahilan sa likod ng pananaliksik, at sa pagpapabatid sa mga kalahok na may karapatan silang umatras kung hindi komportable o ligtas ang pakiramdam nila sa proseso. Sa ibang naka-pokus na grupong talakayan sa Marange, may mga armadong sundalo mula sa kanilang kampo ang dumating sa aming pagpupulong at nakinig sa talakayan. Ngunit hindi nagpadala ang mga miyembro ng komunidad. Tulad ng sinabi ng isang kalahok, *"Dahil pawang katotohanan lamang ang aming sinasabi, hindi kami susuko sa aming pakikipaglaban para sa aming lupa at kabuhayan."*



Ang Modelo ng Sarbey na aming ginamit ay hindi mahigpit at nagbigay-daan sa komunidad na ibahagi ang kanilang kuwento, kahit na hindi partikular ang mga tanong dito. Mula sa maliliit na pagpupulong, nagkaroon kami ng matibay na datos na aming sinuri kasama ng mga tugon sa sarbey. Nagsagawa din kami isa-isang panayam sa mga taong hindi komportable na makilahok sa sarbey na kasama sa grupo. Mahalagang isama ang pananaw ng lahat sa komunidad, at ginawa namin ang aming makakaya upang maabot ang lahat ng apektado ng pagpapalayas dahil sa operasyon ng minahan ng diyamante.

Ang pananaliksik na pamumunuan ng komunidad na ginawa namin sa Marange ang nagpalakas sa pakikibaka ng aming komunidad at naging makapangyarihang sandata ng pagmobilisa at pagkakabuklod ng aming komunidad tungo sa iisang adhikain. Ngayon, ang mga tao sa Marange ay hindi na takot na pag-usapan ng hayagan ang tungkol sa pagmimina ng diyamante, o magtanong sa gobyerno. Dahil ang komunidad ang namuno sa proseso at sa pananaliksik na ito, nasiguro nilang narinig ang kanilang boses.



Mga Tanong para sa Talakayan:

1. Paano natukoy ng komunidad ng Marange ang pinakamahahalagang isyu na kanilang ginawang pananaliksik?
2. Ano ang mga suliranin na kinaharap ng grupo ng mananaliksik habang isinasagawa ang pananaliksik, at paano nila tinugunan ito?
3. Anong mga hakbang ng seguridad ang inisagawa ng komunidad upang maibsan ang mga agam-agam tungkol sa kaligtasan?

SINONG MAGIGING BAHAGI NG INYONG PANANALIKSIK?

23 Sinong kasama sa iyong grupo ng mananaliksik?

26 **Alamin:** Paggawa ng plano sa seguridad

27 Sino ang iyong mga kaalyado, tagapanood, at taga-impluwensya?

29 **Gawin:** Paghahanap ng kaalyado

Magaling sa pagtukoy ng inyong paksa ng pananaliksik! Habang ang pananaliksik na pamumunuan ng komunidad ay isang kolektibong gawaing kasama ang buong komunidad, mainam pa rin na magtalaga ng isang grupo ng mananaliksik na magsasagawa ng pananaliksik at mangangalap ng datos mula sa ibang miyembro ng komunidad. Bilang isang grupo, kayo ang magpapasiya kung paano gagawin ang pananaliksik, kung anong mga katungkulan at kagamitan ang kailangan, at makatotohanang panahon para makumpleto ang pananaliksik.

SINONG KASAMA SA IYONG GRUPO NG MANANALIKSIK?

Lumapit sa mga miyembro ng komunidad upang bumuo ng grupo ng mananaliksik. Pinapayuhan namin kayong ikalap ang inyong mga miyembro nang maaga upang maging bahagi sila ng mga mahahalagang desisyon. Hanapin ang mga taong interesado sa paksa ng pananaliksik, naniniwala sa layunin ng proyekto, at kumakatawan sa pagkakaiba-iba ng komunidad. Halimbawa, maaaring isipin ang pinakamainam na paraan na makakaambag ang bawat miyembro, pati na rin ang kanilang kapasidad na makadalo sa mga pagtitipon at gawain, o ang kanilang kakayahang magsalita ng ibang wikang gamit ng mga miyembro ng komunidad.



Ang inyong grupo ng mananaliksik ay makikipagpalitan ng impormasyon sa buong komunidad, magtatanong, at magaayos ng mga nakalap na impormasyon. Kailangang kumatawan ang inyong grupo sa mga iba't ibang klaseng tao sa komunidad, lalo na ang mga taong walang kinatawan o hindi naisasali, at kailangang balanse ang mga kinatawang babae at lalaki.

Ang bilang ng miyembro ng inyong grupo ay depende sa saklaw ng pananaliksik, pero kadalasan, hindi bababa sa 10 tao ang kakailanganin. Maaari ring maging kombinasyon ng grupo ng lipunang sibil at mga miyembro ng komunidad ang inyong mga miyembro, ngunit, mas mabuti kung karamihan sa inyong grupo ay mga miyembro ng komunidad.

Maaari kayong gumamit ng mga kasangkapan tulad ng talaan sa ibaba upang gumawa ng listahan ng mga kandidato para sa inyong grupo ng mananaliksik. Pag-isipang mabuti kung paano tutugma ang kanilang mga katangian sa inyong pamantayan:

PAMANTAYAN	Alex	Sreymon	Umida
Magkatumbas na Interest?	Mga isyu sa palaisdaan	Epekto sa mga kababaihan	Papel ng mga kabataan
Pagtuon ng Oras?	May oras na kausapin ang komunidad	Matibay ang katapatan sa buong proseso	Marami nang dalang responsibilidad
Mai-aambag?	Magaling magsulat at gumuhit	Maaaring mamuno ng mga naka-pokus na grupong talakayan sa mga kababaihan	Marunong sa kompyuter at teknolohiya
Kumakatawan sa Pagkakaiba-iba?	Nakakapagsalita sa lokal na wika	Kumakatawan sa grupo ng mga kababaihan	Kumakatawan sa grupo ng mga kabataan
Tiwala?	Oo	Oo	Oo
Komento	Dating miyembro ng isang grupo ng lipunang sibil	–	Makakapagbigay ng impormasyon sa grupo

Kasama ang inyong grupo, unawain kung bakit gagawin ang pananaliksik, kung anong ang nais makamit ng inyong komunidad mula sa pananaliksik, at kung ano ang magiging tungkulin ng bawat isang miyembro. Tuklasin kung meron bang mga balakid na makakapigili sa lubos na paglahok. Anong klaseng pagsasanay at suporta ang kailangan ng inyong grupo?

Kailangang komportable ang bawat miyembro ng grupo na kausapin at kapanayamin ang mga kalahok nang isa-isa, malilit na grupo, o malawakang pagpupulong ng komunidad.

> Tandaan, ang pananaliksik ay isang palitan ng impormasyon, at kailangang maintindihan ng bawat miyembro ng grupo ang mga proyekto ng pagpapaunlad na bahagi ng pananaliksik.

Maaaring malaman ng mga miyembro ng komunidad ang paksa ng pananaliksik sa unang pagkakataon mula sa grupo ng mananaliksik, kaya kailangang maging handa sa pagpaliwanag at pagbahagi ng inyong nalalaman pagtapos ng panayam. Makakatulong ito upang maitala nang wasto ang kaalaman ng kalahok bago magsimula ang panayam.

ALAMIN

PAGGAWA NG PLANO SA SEGURIDAD



Kailangang suriing ng inyong grupo ng mananaliksik lahat ng posibleng panganib at magkaron ng plano upang maibsan ang mga ito bago pa simulan ang pananaliksik. Sa pagkalap ng inyong grupo, una, ipaliwanag na may mga posibleng panganib na maaaring harapin. Bilang isang grupo, sama-samang gumawa ng pagsusuri ng mga panganib at banta, at tanungin kung nais pa rin nilang makilahok.

Siguraduhing sinuri niyo rin ang mga panganib na maaaring kaharapin ng mga kalahok, at tukuyin kung paano maiibsan ang mga ito. Magdesisyon kung paano ibabahagi ang impormasyong ito sa inyong mga kalahok, upang alam ng lahat ng kasama ang mga panganib at mga hakbang ng pag-iwas sa mga ito.

***Para sa tulong sa paggawa ng inyong plano sa seguridad, tignan ang Workbook sa Seguridad na ginawa ng Front Line Defenders:*
http://bit.ly/SecurityPlanFrontLineDefenders

SINO ANG IYONG MGA KAALYADO, TAGAPANOOD, AT TAGA-IMPLUWENSYA?

Ngayong napagpasiyahan niyo na ang inyong paksa ng pananaliksik at nakabuo ng grupo ng mananaliksik, kailangan ninyong tukuyin ang inyong mga kaalyado, taga-impluwensya at tagapanood.

Ang **kaalyado** ay isang tao na makakatulong sa inyo sa iba't ibang paraan sa inyong pananaliksik. Maaaring abala ang mga miyembro ng komunidad sa kanilang trabaho o walang gaanong oras upang lumahok sa lahat ng bahagi ng pananaliksik. Sa ganong pagkakataon, ang paglapit sa mga kaalyado, tulad ng mga mag-aaral ng unibersidad o mga grupo ng lipunang sibil ay maaaring makatulong.



Halimbawa, ang isang mag-aaral ng unibersidad ay maaaring magbigay ng teknikal na suporta sa pagdisenyo ng kagamitan para sa pananaliksik, o guma-

wa ng sistema para ayusin ang mga datos. Maaari rin kayong humingi ng payo o suporta sa mga komunidad na gumagawa din ng kaparehong proseso ng pananaliksik, o ibang komunidad na naapektuhan din ng kaparehong proyekto, kumpanya, o bangko. Kung pakiramdam niyong ligtas silang lapitan, maaaring makatulong ang mga akademiko o at kasapi ng gobyerno ay maaaring makatulong sa pagsuri ng mga resulta ng pananaliksik at pagtukoy ng mga mahahalagang natuklasan at kabuuang mga modelo. Depende sa inyong layunin, may mga kaalyado ring tulad ng mga organisasyon ng lipunang sibil o mga grupo ng pintor na maaaring tumulong na ilapat ang mga resulta ng pananaliksik sa isang grap, isang nakasulat na ulat, o bidyo.

Ang **taga-impluwensya** ay isang tao na maaaring makaapekto o may kontrol sa isang bahagi ng paksa ng inyong pananaliksik. Ang mga taga-impluwensiya ay maaaring mga tagapamahala ng proyekto, magpopondo, mga organisasyon ng media, mga lokal na opisyal o iba pang kasapi ng gobyerno. Kung ang layunin ng inyong pananaliksik na pamumunuan ng komunidad ay ang matupad ang isang layunin ng inyong adbokasiya, ang mga taga-impluwensiya ay maaari ring maging **pakay** ng inyong pananaliksik.

Mainam na mapag-isipan kung paano ninyo nais na isama ang inyong pakay na tagapanood upang ang inyong pananaliksik ay magkaroon ng malaking epekto. Kung ligtas para sa komunidad, at kung hindi nito ilalagay sa peligro ang pananaliksik o ang programa, maaaring makipag-ugnayan sa mga mahahalagang tagapamahala na may impormasyon sa paksa ng inyong pananaliksik. Suriin kung ano ang nag-iimpluwensya sa kanila at magpasya nang maaga kung at kung paano kayo makikipag-ugnayan sa kanila. Muli, kung ligtas, mag-iskedyul ng pagpupulong o tawag sa telepono upang ipagbigay-alam sa kanila ang tungkol sa pananaliksik. Kung maayos ang iyong ugnayan sa kanila, alamin kung anong tanong ang nais nilang masagot ng pananaliksik na pamumunuan ng komunidad. Ang mga lokal, nasyonal o internasyonal na mga grupo ng lipunang sibil ay maaari ring makapagbigay ng karagdagang impormasyon at, kapag kumpleto na ang pananaliksik, maaari rin nilang palakasin ang pagpapakalat ng mensahe upang makarating sa mga nararapat na makarinig at maging sa mga mayhawak ng desisyon.

Bago kontakin ang mga kaalyado, tagapanood, at taga-impluwensya, magdesisyon bilang isang grupo sa malinaw at payak na mensahe. Maingat na i-dokumento at ayusin ang mga komunikasyon at hangga't maaari, magtala ng mga nakasulat na rekord ng mga pagpupulong at pag-uusap.



PAGHAHANAP NG KAALYADO

Layunin:
Matukoy at gumawa ng biswal na mapa ng mga posibleng kaalyado, taga-impluwensya, at tagapanood para sa inyong pananaliksik na pamumunuan ng komunidad

Tagal: 60-90 minuto

Mga Materyales:
Papel ng flipchart, mga sticky notes o may-kulay na papel na nakatape, mga bolpen, marker o iba pang mga panulat

PANUTO


Bago isagawa ang aktibidad, maghanda ng papel ng flipchart na nakasulat ang sumusunod na talaan:

Sino ang apektado sa paksang ating natukoy?	**Sino ang kasalukuyang kumikilos na sa paksang ito?**
Sino ang maaaring maka-impluwensiya sa sitwasyon?	**Sino ang may karanasan sa pananaliksik at nakatira malapit dito?**

1. Bilang isang grupo, pag-isipan nang mabuti ang bawat isang tanong. Isulat ang mga pangalan ng tao o organisasyon sa mga may-kulay na papel o sticky notes, kapag natukoy na ang mga ito. Maaaring ito ay gobyerno, lipunang sibil, mga kumpanya, bangko, o mamumuhunan. Sa tanong ng "impluwensya," isipin kung ang tao o organisasyong ito ay may kapangyarihan o pagkukunan para mabago ang sitwasyon, maaaring sa pamamagitan ng pagpapatupad ng kasalukuyang batas, o makipag-areglo para sa inyo. Sa madaling salita, kung magbabago ang sitwasyon dahil sa kanilang pagkilos, sila ay taga-impluwensya.
2. Ilagay ang mga sticky note o papel sa bawat kahon sa flipchart. Tignan ang halimbawa sa ibaba:

Sino ang apektado sa paksang ating natukoy? Mga taga-nayon sa baba ng sapa Mga Monghe	**Sino ang kasalukuyang kumikilos na sa paksang ito?** Abogado
Sino ang maaaring maka-impluwensiya sa sitwasyon? Gobyerno ng Probinsya Ministro ng Enerhiya	**Sino ang may karanasan sa pananaliksik at nakatira malapit dito?** Mga Mag-aaral ng Unibersidad Mga Guro

3 Maglagay ng bilog sa talaan na nakasulat ang tanong, *"Kanino tayo maaaring makipagtulungan?"* sa gitna. Itanong sa grupo kung sino ang mga pinakamahalagang partido ang dapat maging kaugnay, base sa mga una nang natuloy. Ilagay ang mga ito mula sa kani-kanilang kahon papunta sa bilog.



4 Tignang maigi ang mga partidong nilagay niyo sa loob ng bilog. Talakayin kung bakit nila gugustuhing maging kaalyado, ang kanilang mga posibleng interes at motibasyon, ano ang maaari nilang maitulong, at kung paano niyo gustong makipag-ugnayan sa kanila. Halimbawa:

Halimbawa:



Ang mga **monghe** ay makakatulong sa pagbabahagi ng proyekto ng pananaliksik sa mas malawak na komunidad, at maaaring magdaos ng pagpupulong sa templo



Ang mga **guro** sa aming nayon ay makakatulong sa pagsusuri ng datos



Ang mga **mag-aaral ng unibersidad** ay makakatulong sa pagtatala ng mga panayam at pagpupulong

5. Bigyang-pansin ang mga nasa loob ng bilog na "*Kanino tayo maaaring makipagtulungan?*" Sila ang inyong pakay na tagapanood. Mag-isip ng mga posibleng paraan ng paglapit sa kanila. Subukang alamin ang pahayagang kanilang binabasa, kung anong mga programa sa radyo o telebisyon ang kanilang pinapakinggan, at maging ang kanilang account sa social media! Maaaring kailanganin niyo ng taong magpapakilala sa inyo, o mag-aayos pagpupulong para sa inyo.

   → Maaari pa ring makipag-ugnayan sa mga taong nasa labas ng bilog, pero hindi niyo pa sila masyadong kilala o pinagkakatiwalaan sa ngayon. Tandaan ang mga ito kung sakaling kailangan niyong makipag-ugnayan sa kanila sa hinaharap.

6. Inirerekomenda naming kopyahin ang inyong mapa sa isang hiwalay na papel na maaari ninyong itabi. Magagamit din ang mapang ito sa pagsuri ng seguridad, at sa pagtukoy ng mga pakay na tagapanood para sa matutuklasan sa inyong pananaliksik.

Pagkatapos: Mahalagang meron kayong maraming impormasyon sa kung sino ang puwede at hindi niyo puwedeng maging kaalyado. Ang pagkakaroon ng kaalyado ay nagsisimula sa pagkakaroon ng tiwala. Hindi dapat pangunahan o pangibabawan ng inyong kaalyado ang kagustuhan ng komunidad. Tandaan na ang ugnayan niyo sa kaalyado ay maaari ring magbago sa paglipas ng panahon. Mahalagang balikan ang inyong talaan tuwing may pagkakataon.

PAANO ISASAGAWA ANG INYONG PANANALIKSIK?

35 Pagdisenyo ng kagamitan ng pananaliksik

39 **Gawin:** Kilalanin ang inyong kapitbahay

42 Karanasan sa pananaliksik na pamumunuan ng komunidad: ang kuwento ni Sukhgerel

46 Sanayin ang inyong grupo

49 **Alamin:** Kaligtasan at seguridad sa komunikasyon

50 Kumalap ng datos

54 **Alamin:** Kaligtasan at seguridad sa pagkalap ng datos

Sa puntong ito, alam niyo na ang paksa ng inyong pananaliksik at kung sino ang mga kasali dito. Ngayon, paano niyo isasagawa ang pananaliksik na pamumunuan ng komunidad? Bago niyo simulan ang pagkalap ng datos, mahalaga munang idisenyo ang inyong kagamitan sa pananaliksik, at buuin ang inyong sistema sa pagkalap ng datos.

PAGDISENYO NG KAGAMITAN NG PANANALIKSIK

Ang pananaliksik na pamumunuan ng komunidad ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng kombinasyon ng iba't ibang pamamaraan tulad ng mga sarbey, panayam, at naka-pokus na grupong talakayan. Ang halimbawang pag-uusapan natin ay ang Modelo ng Sarbey na Pamumunuan ng Komunidad. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa ibang kagamitan sa pananaliksik, bisitahin ang mga sumusunod na pagkukunan:

- Naka-Pokus Na Grupong Talakayan: *http://bit.ly/NetworkedToolboxFocusGroup*
- Panayam: *http://bit.ly/CommunityToolboxInterviews*
- Pagmamapa ng Komunidad: *http://bit.ly/ResearchForOrganizingCommunityMapping*
- Mga Protokol sa Komunidad: *http://bit.ly/NaturalJusticeCommunityProtocolsToolkit*

Ang **sarbey** ay isang paraan ng pagkalap ng mga opinyon o karanasan ng isang grupo ng tao sa pamamagitan ng pagtatanong. Ang sarbey na pamumunuan ng komunidad, kumpara sa ibang nakagawian ang sarbey, ay hindi lamang tungkol sa pangangalap ng impormasyon – ito rin ang paraan upang magkaroon ng palitan ng impormasyon at pananaw sa pagitan ng komunidad at ng grupo ng mananaliksik. Ilan sa mga kalamangan at kakulangan ng paggamit nito sa pananaliksik ay:




Kalamangan sa Paggamit ng Sarbey	Kakulangan sa Paggamit ng Sarbey
Dahil may nakatakdang mga katanungan, mas madaling matutukoy ang mga pagkahilig at ugnayan ng impormasyon	Ang realidad ng lipunan at batas ay maaaring maging balakid upang magsagawa nito sa buong komunidad
Maaaring gawin sa malakihang pananaliksik, at makakakuha ng tugon mula sa maraming tao	Kailangang isaalang-alan ang wika at dunong sa pagbabasa at pagsusulat ng mga kalahok
Isang siyentipiko at patas na paraan ng pananaliksik	Kailangang siguraduhing nauunawaan ng mga kalahok ang mga tanong
Nagbibigay ng numerikal na resulta at pangkalahatang datos na gusto ng mga gumagawa ng polisiya at ng media	Madalas mababaw o limitado ang mga sagot dahil sa mga pagpipilian, at kailangang isama sa iba pang pamamaraan ng pananaliksik tulad ng isa-isang panayam o nakapokus na grupong talakayan upang makakuha ng mas detalyado o kumpletong sagot
Maaaring hindi makilala ang kalahok kaya mas prangka sila sa pagbabahagi ng kanilang karanasan at opinyon	Maaaring magbago ang realidad at pag-uugali na siyang makakaapekto sa kawastuhan ng resulta sa paglipas ng panahon
Madalas hindi magastos ang pagkalap, pagsagawa at pagsasamasama ng datos	Kailangan ng kahusayan at mga gabay para isagawa ang pananaliksik

**Ang talangguhit na ito ay hango sa pahina 24 ng "Manwal para sa Pagsasanay ng mga Kabataan Bilang Mananaliksik" ng Rutgers WPF. Maaaring makuha ito mula sa http://bit.ly/ManualforYoungResearchers*

Kung magpapasiya ang inyong grupo na magsagawa ng sarbey na pamumunuan ng komunidad, siguraduhing ang mga tanong ay naka-pokus, madaling maintindihan at pinagtulungang mabuti ang pagdisenyo. Maaaring malawak ang saklaw ng mga tanong sa sarbey, depende sa layunin ng pananaliksik. Halimbawa, maaaring magpasiya na ang ibang tanong ay may sagot lamang na "Oo" o "Hindi," may pagpipiliang mga sagot, o may patlang para sa mga komento.

Ang mga sagot ay maaaring base sa personal na karanasan, o base sa mga hangarin tungkol sa kaunlarang nais ng komunidad, kung meron man.



Halimbawa'y ang mga miyembro ng komunidad ay maaaring mawalan ng tirahan dahil sa pagpapatayo ng mga turbina ng hangin. Kung nais niyong malaman kung anong pananaw ng komunidad tungkol sa proyektong ito, anong klaseng mga tanong ang itatanong niyo?

Isulat ang inyong mga ideya dito:

.....

.....

.....

.....

.....

Maaaring magtanong tulad ng,

1. *"Kung kailangan mong lumipat, paano maaapektuhan ang iyong mga anak?"*
2. *"Kung kailangan mong lumipat, paano maaapektuhan ang iyong trabaho o hanapbuhay?"*
3. *"Kung kailangan mong lumipat, anong mga karaniwang pagkukunan o lugar (tulad ng paaralan, templo o ilog) ang mawawala sayo?"*

Tignan ang plano ng sarbey kasama ang inyong grupo ng mananaliksik upang masiguro na ang mga tanong ay malinaw, maayos, at madaling maintindihan. Hikayatin ang grupo na magsanay at magpatibay ng kumpyansa sa pamamagitan ng pagpapananyam sa isa't isa. Tantyahin ang habang oras na kakailanganin upang makumpleto ang proseso ng pananaliksik at marapat na planuhin ang mga pagpupulong sa komunidad at ang pagbisita dito.

Bilang dagdag sa Gabay na ito, isinami din sa mga Materyales sa Paggawa ang Modelo ng Sarbey para sa Pananaliksik Na Pamumunuan Ng Komunidad na ginawa ng mga aktibista sa komunidad na nasubukan na sa buong mundo. Meron ring gabay na nagpapaliwanag ng kadahilanan sa likod ng mga tanong, at mga suhestiyon kung paano itanong ang iba't ibang klase ng mga tanong. Gamitin o ihalaw ang modelo ng sarbey na ito, o gumawa ng inyong sarili para sa komunidad!

GAWIN

KILALANIN ANG INYONG KAPITBAHAY

Layunin:
Upang maging pamilyar sa mga tanong sa Modelo ng Sarbey at magsanay sa pagpanayam ng mga miyembro ng komunidad


Tagal: 1 oras

Mga Materyales:
Mga bolpen, mga kopya ng Modelo ng Sarbey para sa Pananaliksik na Pamumunuan ng Komunidad (kasama sa mga Materyales sa Paggawa)

PANUTO

1. Sabihan ang mga kalahok na humanap ng kapareha at bigyan ang bawat pares ng papel na kopya ng Modelo ng Sarbey. Magkunwaring kakapanayamin ang inyong mga kapitbahay gamit ang modelong sarbey. Bigyang-diin na subukan ng mga kalahok na sumagot sa mga tanong base sa kanilang mga karanasan.
2. Sabihan ang bawat pares na humanap ng komportableng puwesto para umupo at simulan ang gawain. Ipaliwanag na kakapanayamin ng bawat kalahok ang kanilang kapareha sa loob ng 20 minuto sa pamamagitan ng pagtanong ng mga tanong mula sa modelo ng sarbey, pakikinig sa kanilang mga sagot, at pagsusulat ng mga ito.
3. Paglipas ng 10 minuto, pahintuin ang grupo upang tignan ang kanilang mga sagot. Sabihan ang mga kinakapanayam na tignan kung wasto

ang pagkakasulat ng kanilang kapareha ng kanilang mga sagot at komento. Maaaring magbahagi ng halimbawa sa grupo, o bigyang-diin ang kahalagahan ng detalyadong pagsusulat habang sinasagawa ang sarbey.



4. Matapos ang sumunod na 10 minuto, magpalit ng tungkulin – ang kaninang nagtatanong ang sasagot naman sa ngayon. Ulitin ang proseso, at gawin ang hakbang 2 at 3.
5. Kapag natapos ang mga pares na kapanayamin ang isa't isa, bumalik bilang buong grupo, at sabihan ang mga kalahok na pagnilayan ang kanilang naging panayam. Magtanong ng mga tanong tulad ng:
    - *Naging komportable ka bang sagutin ang mga tanong?*
    - *May nahirapan ba sa pagtatanong?*
    - *Anong pakiramdam habang isinasagawa ang panayam?*
    - *Anong ginawa mo upang maging komportable ang iyong kapareha sa panayam?*
    - *Anong pakiramdam ng kinakapanayam?*
    - *Meron bang mga tanong na hindi malinaw?*

6. Imbitahan ang mga kalahok na magbigay ng puna sa isa't isa tungkol sa kanilang pamamaraan ng pagpanayam at magbigay ng mga rekomendasyon kung paano aayusin at pagbubuthin ang mga tanong sa modelo ng sarbey upang mailapat sa konteksto ng inyong komunidad.
7. Gumugol ng 5-10 minuto upang talakayin ang mga tanong na kailangang baguhin o linawin, at idagdag ang mga mahahalagang tanong na maaaring kulang sa modelo ng sarbey.

Pagkatapos: Ang mga mananaliksik ay magaling sa pakikinig. Pakinggan ang mga sinasabi ng mga kalahok. Basahin ang mga tanong nang malakas, malinaw at mabagal. Bigyan ang sumasagot ng sapat na oras upang ipahiwatig ang kanilang sarili. Huwag sumabat o husgahan ang kanilang mga sagot. Obserbahan ang kanilang mga kilos at huminto kung nalulula sila sa mga tanong. Minsan nakaka-stress ang makapanayam!

Paalala sa Namumuno: Ang gawaing ito ay makakatulong sa pagsasanay ng inyong grupo sa pagpapanayam at upang maging pamilyar sa estilo ng sarbey at ng mga tanong dito. Mahalang magkaroon ng sapat na panahon ang mga kalahok na daanan ang bawat tanong. Subalit, kung limitado ang inyong oras, maaaring i-ayon ang gawain upang hindi maramdaman ng mga kalahok na kailangan nilang makumpleto ang buong modelo ng sarbey agad-agad.

Karanasan sa pananaliksik na pamumunuan ng komunidad:

ANG KUWENTO NI SUKHGEREL



Kamusta? Ako si Sukhgerel! Nagta-trabaho ako sa isang organisasyon na sumusuporta sa mga komunidad ng mga nomad sa Mongolia, at sinisiguro ang paggalang ng mga institusyon ng pag-unlad sa kanilang karapatang pantao at kapaligiran.

Sa mga nakalipas na taon, tinutulungan ko ang mga nagpapastol ng komunidad ng mga nomad na napaalis dahil sa minahan ng Oyu Tolgoi at Tayan Nuur sa Mongolia. Kasama ng isang lokal na organisasyon, nagsagawa kami ng pananaliksik na pinamunuan ng komunidad upang malaman kung ano ang pananaw ng mga tao tungkol sa mga minahan, at ibahagi ang impormasyong ito sa mga institusyong nagpopondo ng mga proyektong ito.

Ang paksa ng pananaliksik ay tinukoy mismo ng mga komunidad. Kinausap namin ang komunidad ng mga naapektuhang pastol at tinukoy ang mga pinakamahahalagang isyu sa kanila. Ang pagpapalipat at kabayaran sa mga napaalis ang nanguna sa kanilang listahan dahil sa mga nawalan ng lupa dulot ng mga minahan. Sangayon ang lahat na gusto nila ng sapat na kabayaran, at ito ang naging layunin ng aming adbokasiya. Ngunit, kinailangan pa naming pagkasunduan kung ano ang "sapat" para sa kanila!

Si Sukhgerel Dugersuren ang Ehekutibong Direktor ng OT Watch, isang organisasyon sa Mongolia na sumusubaybay sa minahan ng tansong Oyu Tolgoi sa disyerto ng Gobi, na kumuha sa mga lupa at tubig ng mga nagpapastol ng mga nomad. Basahin ang kuwento ni Sukhgerel na inilarawan sa isang grapikong nobela ng Front Line Defenders: bit.ly/FrontLineSukhgerel

Si Sukhgerel ay bahagi ng Global Advocacy Team ng IAP, isang

Sukhgerel is a part of IAP's Global Advocacy Team, isang inisyatiba na nagbubuklod ng mga taga-organisa ng mga komunidad na nakaranas ng mga proyektong pagpapaunlad upang magsagawa ng pananaliksik na pamumunuan

Ang unang hakbang ay ang pagsasanay para sa buong komunidad tungkol sa karapatang pantao at mga angkop na pandaigdigang pamantayan. Pagtapos nito, nagpulong ang aming grupo ng mananaliksik kasama ang 5 pastol mula sa mga apektadong komunidad. Sinuportahan namin ang grupo sa pamamagitan ng paggabay sa kanila sa proseso ng pananaliksik, at sa pagbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa epekto ng mga minahan at ang mga polisiya ng mga bangkong kasangkot dito. Dahil gumamit kami ng pangkalahatang modelo ng sarbey, may mga tanong na kinailangan ng paliwanag o paghalaw para sa konteksto ng mga taga-Mongolia.

Dahil tumutulong kami sa mga komunidad ng mga nomad, mahirap tipunin ang buong komunidad sa iisang lugar. Sa halip, nagbahay-bahay ang aming mga mananaliksik at kinausap ang mga pamilya. Malalayong distansya ang kinailangan naming lakbayin – sa rehiyon ng Gobi, ang pinakamalapit na kapitbahay ng isang pastol ay 5 kilometro! Hiniling din namin sa gobernador na magsagawa ng pagpupulong kung saan maaari kaming magsagawa ng sarbey sa 20 kabahayan. Nagpasiya rin kaming kapanayamin ang mga empleyado ng lokal na administrasyon para makumpara ang kanilang sagot sa sagot na nakuha namin mula sa mga komunidad. Sa kabuuan, nasa 100 katao ang aming nakapanayam.

Sa pagsasagawa ng aming pananaliksik, binasa namin nang malakas ang bawat tanong, pinaliwanag ang kahulugan ng ng komunidad at i-mobilisa ang kanilang komunidad para baguhin ang konsepto at pagsasagawa ng kaunlaran. Basahin ang kanilang ulat sa: bit.ly/backtodevelopment

Ang sarbey na ginamit ni Mela sa kanyang pananaliksik ay ang Modelo ng Sarbey na ginawa ng Global Advocacy Team at kasama sa mga Materyales sa Paggawa.



Mongolia

"We conducted community-led research to understand what people thought about the mines.

"Our first step was to hold trainings for the entire community on human rights and relevant international standards.

mga ito, at hinintay ang mga pamilyang sumagot. Ang pagtitipon ng mga tao sa iisang lugar ay isang madaling paraan para maabot ang mas maraming miyembro ng komunidad, ngunit nakita namin na sa ganitong pagkakataon, maaaring nakikinig at sumasang-ayon lamang ang mga kalahok sa opinyon ng grupo. Ang mga sagot na nakuha namin sa pagbabahay-bahay ay mas malinaw na nagpapakita ng mga indibidwal na opinyon.

Nakakuha kami ng tulong sa pagsali at pagsuri ng mga datos mula sa boluntaryong grupo ng mga mag-aaral na nagsasalita ng Inggles. Sa proseso ng pagsasalin, may natukoy kaming mga mahahalagang rekomendasyon. Nakatanggap kami ng pondo upang maibahagi sa komunidad ang resulta ng pananaliksik, subalit dahil sa layo ng mga komunidad, mahirap pa ring maabot lahat ng lumahok sa aming sarbey.



Nakatulong ang proseso ng pananaliksik na pinamunuan ng komunidad upang ipaalam sa komunidad ang tungkol sa proyekto at ang kanilang karapatan, at para magkaroon ng kasunduan tungkol sa kanilang mga prayoridad. Ngayon, ang mga miyembro ng mga apektadong komunidad ay nagbabahagi ng kanilang

kaalaman sa mga kapareho nila ng nararanasan. Ang pagbahagi ng modelo ng sarbey sa mga komunidad na maaaring maapektuhan ng mga proyekto ay nakakatulong din upang masiguro na alam nila ang mga mahahalagang isyu at tanong na dapat nilang ipahayag kapag nakikipag-usap sa mga nagpaplano ng proyekto. Naging mahalagang kasangkapan ang modelo ng sarbey upang matulungan ang mga komunidad sa pagiisip tungkol sa mga isyu, at kung ano ang kaunlaran para sa kanila.



Mga Tanong para sa Talakayan:

1. Sino ang kasali sa grupo ng mananaliksik at paano binuo ang grupo?
2. Anu-anong pamamaraan ang ginamit ni Sukhgerel at ng kanyang grupo para mangalap ng datos?
3. Sa pagsasagawa ng kanilang pananaliksik, kinailangang malampasan ni Sukhgerel at ng kanyang grupo ang paglakbay ng mahabang distansya para maabot ang mga miyembro ng komunidad. Anu-anong mga balakid ang maaari niyong harapin sa pagsasagawa ng inyong pananaliksik, at paano niyo balak lutasin ang mga ito?

SANAYIN ANG INYONG GRUPO

Ngayong nakapag-ensayo na ang inyong grupo sa pagpapanayam gamit ang modelo ng sarbey, pagnilayan bilang isang grupo ng mga alituntunin at gabay kung paano makikutungo ang mga miyembro ng grupo sa mga komunidad na lalahok sa pananaliksik, at sa mga kaalyado sa labas ng komunidad. Maaaring simulan ang pagninilay sa mga sumusunod:


- Sabihin sa mga miyembro na isipin at ibahagi ang pinakamagandang karanasan sa pagpanayam, at tukuyin kung bakit kasiya-siya ang talakayan dito
- Sabihin sa mga miyembro na isipin at ibahagi ang pinakamasamang karanasan sa pagpanayam, at tukuyin kung bakit hindi kasiya-siya ang talakayan dito
- Anyayahan ang bawat miyembro ng grupo na magbahagi ng isang bagay na kanilang gagawin upang maging pinakamagandang karanasan ang bawat isang panayam
- Anyayahan ang bawat miyembro ng grupo na magbahagi ng isang bagay na kanilang gagawin upang maiwasan o malutas ang mga mahihirap na sitwasyon sa mga panayam, tulad ng pagbuhos ng emosyon ng isang kalahok, o kung magambala ang panayam ng mga awtoridad

Isipin kung paano maaapektuhan ng proyekto ang mga kasali dito. Isulat ang sagot sa mga tanong sa itaas, at itanong sa mga miyembro kung sang-ayon ba sila o hindi sa bawat suhestiyon. Ito ang simulain ng inyong mga alituntunin. Ito ang ilan sa mga halimbawa ng maaaring isama:

- Ipakilala nang maayos ang sarili, at ipaliwanag nang malinaw at tapat ang layunin ng pananaliksik
- Humingi ng pahintulot mula sa mga miyembro ng komunidad bago sila isama sa pananaliksik, at sabihin sa kanilang mananatiling kumpidensyal ang kanilang impormasyon
- Ipaliwanag na may karapatang umatras mula sa pananaliksik ang kalahok sa anumang oras
- Makinig nang mabuti at maigi

- Bigyang-pansin ang mga kilos at ekspresyon – maaari ring makaapekto ang mga ito tulad ng mga salita
- Igalang ang pribasiya ng mga tao
- Kung hindi ka sigurado sa pagkakaintindi mo ng sagot ng kalahok, humingi ng paglilinaw
- Kung may humihingi ng tulong o payo na hindi mo kayang ibigay, sumaggunі sa kasamahan o sa espesiyalista
- Ipangako na pro-protektahan ng grupo ng mananaliksik ang mga pagkakakilanlan ng lahat ng kalahok, at walang sinumang hindi bahagi ng pananaliksik ang makakakilala sa mga indibidwal na sumagot
- Ingatan ang modelo ng sarbey at ang mga datos

Tandaan, hindi niyo layunin ang sumang-ayon sa mga kalahok, kundi lalong maunawaan ang kanilang mga pananaw at ideya tungkol sa paksa ng pananaliksik.



Mahalagang manatiling walang pinapanigan sa proseso ng sarbey. Upang talakayin ang potensyal na pagsubok na ito, basahin ang sumusunod na halimbawa sa inyong grupo ng mananaliksik at talakayin ito bilang isang grupo.

"Kayo ay isang grupo ng mananaliksik na nagsasagawa ng sarbey sa mga miyembro ng inyong komunidad. Sa isang panayam, binanggit ng isang kalahok ang isang alitan kamakailan lang kung saan sangkot ang isang malapit na miyembro ng iyong pamilya. Ginagawa mo ang lahat upang walang panigan sa talakayan, ngunit ng bumuhos ang emosyon, nagkomento ang kalahok na para sa iyo ay hindi tamang pagsasalarawan ng naging alitan. Ano ang gagawin mo?"



Mga Tanong para sa Talakayan:

1. Paano ka tutugon sa sitwasyon?
2. Nakaranas na ba ng ganitong sitwasyon ang grupo?
3. Anong maaaring gawin ng grupo upang tanggapin ang komento ng kalahok, at manatili pa ring patas?

****Ang gawaing ito ay hango sa Etikal na Dilema sa Pang-Komunidad na Gawain ng Pananaliksik sa Pang-Komunidad na Toolkit sa Pananaliksik ng Access Alliance. Para sa karagdagang impormasyon, tignan ang p. 132-136 sa http://bit.ly/CBR_Toolkit.*

ALAMIN

KALIGTASAN AT SEGURIDAD SA KOMUNIKASYON





Bago simulan ang pagkalap ng datos, siguraduhing kabilang sa inyong plano ng seguridad ang mga potensyal na isyu sa kaligtasan sa komunikasyon at ang pananatiling kumpidensyal ng lahat ng datos.

Magsagawa ng mga hakbang upang maingatan ang pagkakakilanlan ng inyong grupo ng mananaliksik at mga kalahok. Ang grupo ng mananaliksik at ang mga lalahok dito ay maaaring malagay sa peligro dahil sa kanilang papel sa pananaliksik na pamumunuan ng komunidad. Sa mga ganitong sitwasyon, mahalagang manatiling kumpidensyal ang mga pagkakakilanlan. Halimbawa, sa isang komunidad, nagtanong ang mga awtoridad na, *"Sinong namumuno sa pananaliksik at programa sa komunidad na ito?"* Hindi nagbigay ng partikular na pangalan ang mga miyembro ng komunidad, at sinimulan nilang tawagan ang bawat miyembro ng "namumuno" sa baranggay pagtapos ng pangyayari, upang maiwasan ang pagkakakilala.

Isa sa mga pamamaraan ay ang pagkakaroon ng ligtas na komunikasyon sa inyong mga miyembro ng grupo. Maaari ninyong gawin ito sa pamamagitan ng pag-iwas sa pagbahagi ng maselang impormasyon sa email, at sa paggamit ng mga serbisyong pang-mensahe na naka-encrypt kapag gamit ang telepono.

Para sa karagdagang impormasyon at mga tips tungkol sa digital na seguridad, tignan ang Seguridad sa Isang Kahon: http://bit.ly/SecurityInABox

KUMALAP NG DATOS

Sa puntong it, nakapagsanay na ang inyong grupo at nadisenyo na ang inyong kagamitan sa pananaliksik. Oras na para mangalap ng datos at magsagawa ng pananaliksik!

Para makatulong sa pagtukoy ng mga kalahok, kumonsulta sa mga taong aktibo sa mga organisasyon sa komunidad at kilalanin ang maraming tao sa komunidad. Tukuyin kung paano isasama ng grupo ng mananaliksik ang mga taong madalas kulang sa representasyon o hindi naisasali sa mga usapin sa komunidad. Sa inyong grupo, sagutin ang mga sumusunod na tanong:

- Sinong tatanungin natin? Paano natin masisiguro na makakalap ng datos mula sa grupong magiging kinatawan ng komunidad?
- Ano ang mga dahilan sa pagpili sa kanila?
- Ilang tao ang kakausapin natin?
- Ano ang mga potensyal na balakid na maaari nating kaharapin sa pag-abot o paglapit sa ating mga kalahok? Paano natin malalampasan ang mga ito?

Maaaring hindi posible ang maisama ng buong komunidad sa proseso ng pananaliksik. Upang makakuha ng sapat na sampol ng mga pananaw, itakdang isagawa ang pananaliksik sa hindi bababa sa 100 katao. Kailangang kabilang dito




ang iba't ibang grupo sa loob ng pakay na komunidad. Halimbawa, kung mangongolekta ka ng 100 sarbey sa 5 baranggay, kailangang kausapin ng grupo ng mananaliksik ang mga tao sa bawat isang baranggay, at hindi lang isa o dalawa. Kung may mga taong ayaw makilahok sa pananaliksik na pamumunuan ng komunidad, siguraduhing kilala ng grupo ng mananaliksik kung sino sila.

Kapag nakapagpasiya na kung sino ang mga kakausapin, ayusin at planuhin ang inyong proseso ng pananaliksik. Isaalang-alang ang mga sumusunod:

- Itala kung gaano katagal ang pakikipag-usap sa mga kalahok
- Gumawa ng mga kopya ng modelo ng sarbey at lagyan ang mga ito ng numero para mapadali ang pagbibilang
- Magbigay ng paunang abiso kung hihiling ng panayam sa mga kalahok
- Isagawa ang pananaliksik sa oras at lugar na ligtas at madali para sa karamihan ng kalahok
- Siguraduhing isaalang-alang ang kanilang kabuhayan, ang panahon, at ang kultura ng komunidad. Halimbawa, kung karamihan sa mga miyembro ng komunidad ay nagtatrabaho sa bukid tuwing umaga ng tag-init, maaari mong isagawa ang iyong pananaliksik sa gabi

Kapag sinimulan ang pakikipag-usap sa kalahok sa pananaliksik, tandaan ang mga alituntunin at maghandang magbahagi ng impormasyon upang sila ay lubos na may alam sa paksa ng pananaliksik. Maaaring ganito ang inyong maging introduksyon:



- Sabihin sa kalahok kung sino ka, kung saang komunidad ka galing, o kung anong organisasyon ang kinakatawan mo
- Ipaliwanag ang layunin ng pananaliksik – kung tungkol saan ang pananaliksik at bakit ito isinasagawa
- Ipaliwanag na gagamitin niyo ang impormasyong ibibigay nila
- Ipaliwanag na meron silang karapatan na maging di-kilala o kumpidensyal ang kanilang impormasyon, at maaari silang umatras sa paglahok sa anumang punto sa proseso ng pananaliksik
- Itanong sa kalahok kung meron siyang tanong bago magsimula
- Itanong sa kalahok kung gusto nilang maging bahagi ng pananaliksik – o ang tinatawag na paghingi ng "may-kaalamang pahintulot"

Hindi lahat ng tao sa komunidad ay marunong magbasa o magsulat, kaya hangga't maaari ay mag-isip ng iba't bang paraan ng pagkalap ng impormasyon.




Maaaring talakayin ng inyong grupo ng mananaliksik ang mga tanong ng paisa-isa at saka itala ang mga sagot at komento ng bawat indibidwal. O, maaari niyong tipunin ang mga kalahok sa maliliit na grupo na may hindi aabot sa 10 katao kung saan magtatanong ang grupo ng mananaliksik para talakayin ng grupo at saka nila itala ang mga sagot. Sa pagtala ng mga sagot, mahalagang kunin ang mga sagot na pinili ng mga kalahok, at maging ang mga salaysay na nagbibigay ng detalye sa kanilang sagot. Makakatulong ito sa pag-unawa ng mga uso at pagsuri ng datos.

Kapag nagsasagawa ng mga sarbey, kailangang isa-isang itanong ng grupo ng mananaliksik ang mga tanong. Tandaan, ang pananaliksik ay isang palitan ng impormasyon, kaya makinig nang mabuti, huwag sumabat o magkomento sa kanilang mga sagot at bigyan ang mga kalahok ng sapat na oras upang sumagot sa bawat tanong. Minsan ay maaaring maging emosyonal ang mga kalahok kapag inalala nila ang kanilang mapait na karanasan. Maging sensitibo at matiyaga. Makakatulong ang mga ito sa pagiging bukas ng mga tao sa pagbahagi ng kanilang kuwento.

ALAMIN

KALIGTASAN AT SEGURIDAD SA PAGKALAP NG DATOS



Upang matulungang protektahan ang inyong grupo ng mananaliksik at ang mga kalahok, magtala ng alituntunin kung paano gagamitin ang mga litrato, bidyo at mga salaysay, at humingi ng pahintulot bago gamitin ang mga ito. Ilan pa sa mga isasaalang-alang para sa kaligtasan ay:

- Mag-ingat sa pagsasagawa ng pananaliksik
  - → Kung nasa lubhang maselang lugar, kung hindi ka nakatira sa baranggay na iyon, planuhing magpalipat-lipat ng matutuluyan araw-araw. Magsuot ng mga damit na kapareha ng sinusuot ng ibang miyembro ng komunidad
  - → Ang pagdadala ng mga papel na kopya ng modelo ng sarbey ay maaaring kahina-hinala sa mga awtoridad. Subukang gumamit ng mga pang-araw-araw na elektronikong aparato, gaya ng selpon, upang magsagawa ng pananaliksik. Halimbawa, maaari mong kunan ng litrato ang modelo ng sarbey sa iyong telepono, magbasa ng mga tanong dito, at itala ang mga sagot sa mismong telepono.
- Itago ang mga datos na inyong makakalap
  - → Itago ang mga papel na kopya ng mga datos na nakakandado
  - → Kung nais ng kalahok na makipag-ugnayan sa grupo ng mananaliksik, ihiwalay ang impormasyon ng kanilang pagkakakilanlan sa kanilang sagot sa sarbey
  - → Siguraduhing mabubuksan lamang ang mga digital na datos sa pamamagitan ng ligtas na password

PAG-UNAWA AT PAGBAHAGI NG INYONG MGA NATUKLASAN

Ayusin ang inyong natuklasan s 56

Gawin: Sinong kailangan ng kompyuter para magbilang? 57

Alamin: Isali ang Komunidad sa Buong Proseso 60

Suriin ang mga natuklasan 61

Ibahagi ang mga natuklasan 65

Gawin: Isuot ang kanilang sapatos 66

Sama-samang kumilos! 70

Karanasan sa pananaliksik na pamumunuan ng komunidad: ang kuwento ni Elias 71

Ngayon, nabuo at nasanay na ang inyong grupo ng mananaliksik, nakausap ang mga miyembro ng komunidad, at nakalap na ang mga datos. Binabati namin kayo! Meron na kayong resulta mula sa pananaliksik na pinamunuan ng komunidad.

Ano'ng susunod?

Ang pag-unawa sa mga opinyon at ideya ng komunidad at ang pagbahi nito sa inyong pakay na manonood ay para bang isang malaking gawain. Base sa aming mga karanasan, pinagsama-sama namin ang ilang mga ideya at suhestiyon upang gabayan kayo sa prosesong ito.

AYUSIN ANG INYONG NATUKLASAN

Nakakatulong ang pag-aayos ng pananaliksik para sa grupo ng mananaliksik, mga kaalyado, at mga miyembro ng komunidad upang masuri nila ang mga resulta. Siguraduhing ang sistemang nabuo sa pag-ayos ng pananaliksik ay nagbibigay din ng sapat na proteksyon sa pagkakakilanlan ng mga miyembro ng komunidad.



Ang mga programa sa kompyuter tulad ng SurveyMonkey, Google Forms, o ng KoBo Toolbox ay awtomatikong nagsusuri ng mga datos, ngunit nangangailangan ng koneksyon sa internet na maaaring hindi nakasalin sa lokal na wika ng

komunidad. Ang iba naman ay may bayad. Kung hindi kayo makagamit ng ganitong programa sa kompyuter, maaari pa ring kalkulahin at bigyang-bisa ng grupo ng mananaliksik ang mga datos nang mano-mano.

Pagtapos maiayos ang lahat ng datos, maaari niyong siyasatin at suriin ang resulta kasama ng grupo ng mananaliksik. Hanapin ang mga uso at magkakatulad, at subukang unawain ang karaniwang sentimyento sa tanong ng pananaliksik. Malaking tulong dito ang isang kaalyadong may karanasan sa pagsusuri ng datos!

GAWIN

SINONG KAILANGAN NG KOMPYUTER PARA MAGBILANG?

Layunin:
Upang sanayin ang grupo ng mananaliksik na suriin ang datos na nakalap nang mano-mano, nang hindi gumagamit ng programa sa kompyuter.

Tagal: 1 – 2 oras

Mga Materyales:
Mga kopya ng nakumpletong sarbey, papel ng flipchart, mga marker, mga sticky notes o mga piraso ng may-kulay na papel



PANUTO

1. Gumawa ng kopya ng bawat sarbey at lagyan ito ng numero, kung hindi ninyo ito ginawa habang nangangalap ng datos. Upang protektahan ang mga kalahok, siguraduhing nakatago ang mga orihinal na kopya sa ligtas at tiyak na lugar
2. Kunin lahat ng kopya ng nakumpletong sarbey at iayos ang pagkakasunud-sunod nito. Depende sa bilang ng taong tumutulong sa pagsuri ng resulta, hatiin ang grupo sa maliliit na grupo at ipamahagi ang mga kopya sa kanila. Upang makatulong na pagtibayin ang pangangalap ng datos, siguraduhing hindi hawak ng mga miyembro ang sarbey na sila mismo ang nagsagawa.



3. Maglagay ng papel ng flipchart sa pader habang tinatala ang mga resulta habang binibilang ang sagot sa mga tanong. Sa bawat tanong, isulat ang bilang at lahat ng pagpipiliang sagot. O, kung meron kayong gamit, maaaring i-print ang mga tanong sa modelo ng sarbey sa hiwalay na papel at doon itala ang mga sagot.

4. Sa bawat tanong sa sarbey, sabihin sa bawat grupo na bilangin ang mga sagot sa bawat pagpipilian. Isulat ang mga numero sa papel ng flipchart, sa tabi ng napiling sagot. Halimbawa:

   Paano mo ilalarawan ang iyong sarili? Lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop.

   - ☐ Kabilang ako sa isang katutubong komunidad
     20+10+20=50
   - ☐ Kabilang ako sa isang relihiyoso o etnikong minorya
     0+10+5=15
   - ☐ Ako ay isang migrante mula sa ibang lalawigan, rehiyon o siyudad
   - ☐ Kabilang ako sa isang dinidiskriminang grupo o antas
     20+10+8 = 38

   Iyong Komento: .....

5. Para sa mga tanong na walang pagpipiliang sagot at sa halip ay nangangailangan ng komento, isulat ang iba't ibang tema o uri ng sagot na magkakahiwalay.
6. Matapos itala ang mga sagot sa bawat pagpipilian, sabihin sa grupo na tignang maigi ang mga komentong nakasulat sa kahon. Salungguhitan ang mga komento na nagbibigay ng partikular na detalye. Maaaring impormasyon ito tungkol sa ano, sino, paano at kailan ang mga pangyayari, mga hiling, panawagan, o opinyong may direktang kaugnayan sa problema. Isulat ang mga komentong ito sa flipchart.
7. Ulitin ang hakbang 3 at 4 para sa bawat tanong sa modelo ng sarbey.
8. Kopyahin ang resulta sa hiwalay na papel. Gagamitin niyo ito mamaya sa inyong pagsusuri.

ALAMIN

ISALI ANG KOMUNIDAD SA BUONG PROSESO



Napakahalaga para sa grupo ng mananaliksik na palaging magbigay-alam at isali ang malawak na komunidad sa kabuuan ng proseso ng pananaliksik, upang manatili itong kolektibong paggawa. Bumuo ng proseso upang ipaalam ang mga gawain, at mga oras kung kailan magtitipon ang komunidad para sa pag-aaral at pagtalakay.

1. Sa umpisa pa lamang ng proseso, ibahagi at kumpirmahin ang impormasyon tungkol sa mga plano at layunin ng grupo ng mananaliksik kasama ang buong komunidad.
2. Kapag handa nang simulan ang proseso ng pananaliksik, ibahagi ang impormasyon kung paano ito isasagawa.
3. Pag-aralan ang pangunang resulta kasama ang komunidad bago ito gawing pinal o ibahagi sa publiko.
4. Review the initial findings with the wider community before finalizing or sharing the results publicly.
5. Sabihan ang komunidad na iberipika at suriin ang resulta, at tukuyin ang prayoridad na pananaliksik base sa kung ano ang pinakamahalaga para sa kanilang layunin at programa.


SURIIN ANG MGA NATUKLASAN

Maraming paraan upang maunawaan ang pinapahayag ng mga datos – ang pinapahayag ng komunidad. Ang pinakamadaling paraan ng pagsisimula ay ang pag-aaral sa bawat tanong, pagkalkula ng porsyento ng mga pumili ng bawat sagot, at pagsulat ng mga magkakaparehong ideya o komento.

Paano magkalkula ng porsyento?

Ang **porsyento** ay isang paraan ng pagpapahiwatig ng isang numero bilang bahagi ng kabuuan. Pinapadali nito ang pag-unawa kung gaano karami sa komunidad ang magkakaparehong sagot sa bawat tanong. Halimbawa, sa halip na sabihing 240 sa kabuuan na 300 katao ang nagsabing hindi nila kilala kung sino ang nagpopondo ng proyekto, maaaring sabihin na 80% ng mga tao ang hindi nakakakilala sa kung sino ang nagpopondo ng proyekto. Napapadali nito ang pagtukoy ng pagkakapare-pareho sa inyong pagsusuri.

Para makuha ang porsyento, tinuturing nating isang buo ang 100%.



Halimbawa, kung ang pananaliksik ay sumasaklaw sa 300 katao, ang 100% ng nakapanayam ay tumutukoy sa 300 katao. Sa pagkakataong ito, kung 150 katao ang sumagot na "oo" sa tanong, yon ay 150 sa kabuuan na 300 katao. Para gawin itong porsyento, hatiin ang 150 sa 300. Kung kakalkulahin ito, makikitang 0.5 ng kabuuan, o 50% ang nasabi ng oo, at 50% ang sumagot ng iba.

May mga tanong na maaaring angkop lang sa ilang mga kalahok, at hindi sa buong grupo. Sa ganitong sitwasyon, hatiin ang sagot sa kabuuang bilang ng mga taong sumagot sa tanong. Sa ganitong paraan, magiging kinatawan ang inyong bilang sa kung sino lamang ang sumagot.

Maaaring magsanay sa pamamagitan ng pagsagot ng sumusunod na sitwasyon:

Nakakalap ka ng 200 sarbey sa kabuuan. Narito sa baba ang mga sagot na nakalap mo para sa tanong na, ***"Nagbago ba ang kalidad ng iyong buhay dulot ng proyekto?"***. Kalkulahin at punan ang porsyento ng mga kalahok na pumili ng bawat sagot.

Sagot	# ng Taong Pumili ng Sagot na Ito	Porsyento (%)?
1) My quality of life improved.	40 katao	
2) My quality of life was made worse.	135 katao	
3) There has been no change to my quality of life.	25 katao	

Mga sagot:



1) 20%
2) 67.5%
3) 12.5%

Ngayong marunong ka nang magkalkula ng porsyento, narito ang ilang paraan para gamitin sila upang maunawaan ang iyong datos:

- *Paano sumagot ang mga miyembro ng komunidad sa bawat tanong?*

  Magsimula sa pagtingin sa iba't ibang sagot ng mga miyembro ng komunidad sa bawat tanong. Kalkulahin ang porsyento ng taong magkakapareho ang sagot. Anong pinapahiwatig ng kanilang sagot? Ano ang iniisip nila tungkol sa tanong? Base sa kanilang mga sagot, paano nasasalamin ng tanong na ito ang kabuuang opinyon ng komunidad tungkol sa proyekto o sa paksa ng pananaliksik?

- *Kapag tinignan ang mga sagot, meron ka bang nakikitang mas malaking pagkakapareha?*



May nakikita ka bang tema sa mga sagot? Isulat ang mga ito bilang pangungusap. Halimbawa:

  - 49% ng mga sumagot ay sang-ayon sa proyekto nung ito'y pinaplano pa lang, habang ang ibang kalahok ay gustong magmungkahi ng mga pagbabago sa proyekto, o tuluyan itong ipatigil. Pakiramdam ng mga kalahok na hindi sang-ayon ay wala silang ibang opsyon kundi umalis sa kanilang lupa, dahil walang binigay na alternatibo sa kanila.

- Hindi alam ng karamihan ng miyembro ng komunidad ang proseso ng pagpapalipat at hindi nabigyan ng impormasyon tungkol sa kanilang karapatan.

Sa tingin mo ba'y ang mga pangungusap na nakasulat ay sumasalamin sa sinasabi ng komunidad?

- Ano ang mga natuklasan na para sayo ay mahalaga para sa layunin ng inyong pananaliksik?
- kasama ang inyong grupo ng mananaliksik, tukuyin ang inyong mahahalagang natuklasan. Halimbawa, mula sa kabuuang sumagot:
- 90% ay hindi kinonsulta ng kahit anong gobyerno tungkol sa prayoridad sa pagpapaunland ng kanilang komunidad
- 62.35% ang nagsasabing ang mga namumuhunan sa proyektong ito ang makikinabang
- 6.87% ng miyembro ng komunidad ang naniniwalang makikinabang sila sa proyekto

Higit pa sa porsyento at ibang de-numerong datos, bigyang-pansin din ang mga kuwento at komento ng mga kalahok. Halimbawa, maaaring madiskubre niyo na sa isang komunidad kung saan puwersahang pinaalis ang mga tao, maraming kalahok ang nakaranas ng pisikal na dahas. Ang mga indibidwal na kuwento sa pamamagitan ng mga salaysay ay nagpapakita ng mga totoong tao sa likod ng mga numero, at makakatulong upang makapukaw ng damdamin at maging personal ang pananaliksik. Habang karamihan ay pipiliing maging pribado ang kanilang pagkakakilanlan, meron ding iba na nais isapubliko ang kanilang kuwento. Ugaliing kumuha ng pahintulot bago ilabas ang isang kuwento sa publiko.

Pagtapos suriin ang mga natuklasan, bumalik sa komunidad at ibahagi ang resultang natukoy ng inyong grupo ng mananaliksik. Gumawa ng pangunang beryson (o maging pangalawa at pangatlong bersyon) ng mga natuklasan sa pananaliksik at ibahagi sa komunidad. Humingi ng kanilang opinyon atitanong kung ano ang gagawing prayoridad sa mga natuklasan sa pananaliksik. Tanungin sila, *"Ito ba ang inyong naiisip? Ito ay inyong pananaliksik. Ipinapahiwatig ba ng pagsusuring ito ang katotohanan ng inyong mga ideya, opinyon at prayoridad?"* Maaaring kailangang ibahagi ang resulta sa iba't ibang anyo. Halimbawa, kung ang pinal na produkto ay isang ulat at hindi lahat sa komunidad ay nagbabasa, maaaring gumawa ng presentasyon gamit ang mga larawan upang ibahagi ang mga mahahalagang ideya mula sa ulat.

Kung ligtas itong gawin, maaaring magtanong sa mga kaalyado, taga-impluwensya at mga tagapamahala na inyong kinontak noong simula ng inyong pan-



analiksik upang pag-aralan ang resulta nito. Kung makakatulong, maaari niyo din silang hingian ng rekomendasyon bago isapubliko ang resulta ng pananaliksik. Gayunpaman, hindi dapat mabago ng kanilang rekomendasyon ang prayoridad na natukoy ng mismong komunidad.

Kapag naberipika na ng komunidad ang resulta at nakuha na lahat ng ideya, tapusin na ang pananaliksik at mga rekomendasyon. Ngayon, oras na para ibahagi ang inyong mga natuklasan!

IBAHAGI ANG MGA NATUKLASAN

Kapag napagpasiyahan na ng komunidad na ang resulta ng kanilang pananaliksik ay wasto sa pagsalamin ng kanilang mga saloobin, oras na para ibahagi ang mensahe sa inyong pakay na tagapanood! Isipin muli kung sino ang inyong mahalagang tagapanood. Itanong sa sarili, sino ang kailangang makarinig ng boses ng komunidad upang makagawa ng pagbabago? Ano ang pinakamabuting paraan para matanggap nila at kumilos sa pananaliksik at rekomendasyon?

GAWIN

ISUOT ANG KANILANG SAPATOS

Layunin:
Upang matukoy ang mga mahalagang tagapanood ng inyong pananaliksik at maintindihan ang kanilang posisyon at interes.

Tagal: 45 minuto – 1 oras

Mga Materyales:
maliliit na card, marker, tape

PANUTO

1. Ipulong ang lahat ng miyembro ng inyong grupo ng mananaliksik. Balikan ang mapa ng mga kaalyado at taga-impuwensiyang ginawa kanina at itinabi mula sa naunang gawain.
2. Isulat sa card o sa maliit na papel ang pangalan ng bawat isang taga-impluwensiya na nauna nang natukoy. Sabihin sa grupo na tumayo at bumuo ng isang bilog. Ilagay ang mga card sa gitna at sabihin sagrupo na kumuha ng tig-isang card at bumalik sa bilog.
3. Sabihin sa grupo na tignan ang kanilang card at magkunwaring siya ang taong iyon. Sabihan ang grupo na dahan-dahang lumakad papunta sa kanan habang nakabilog pa rin. Habang naglalakad, sabihan ang grupo na pag-isipan ang mga sumusunod na tanong, bilang ang taong iyon:
   a. Anong oras ka gumigising sa umaga?
   b. Ano ang madalas mong ginagawa kapag alas diyes ng umaga?
   c. Ano ang kinakain mo sa tanghalian?
   d. Anong klaseng mga tao ang nakikilala mo sa bawat araw?

Pagkatapos, sabihan ang grupo na isipin kung paano maglakad ang taong iyon at gawin ang paglakad na ito. Patuloy na magtanong upang masiyasat kung ano ang mga interes ng taong iyon, at kung anong aspeto ng paksa ng pananaliksik ang kanilang gustong malaman.



4. Patigilin ang lahat sa paglakad at itanong, bakit susuportahan ng taong ito ang layunin natin? Pagtapos ay sabihan ang bawat miyembro na sagutin ang tanong nang malakas. *"Susuportahan ko ang komunidad na ito dahil....."*
5. Imbitahan ang inyong grupo na hulaan kung sino ang nilalarawan ng bawat isang miyembro, at kapag nabunyag na ito, idikit ang card na may pangalan ng taga-impluwensya sa pader.

Pagkatapos: Maaaring hindi sapat ang impormasyong mero ang grupo para maintindihan ang bawat taga-impluwensya. Magandang malaman kung ano ang kulang. Maaaring pag-aralan ng grupo ang mga kaalyado upang makita kung sinong maaaring makatulong para maunawaan ang iba't ibang interes, posisyon, at kakayahan ng mga taga-impluwensya na sumuporta sa inyong layunin.

Maraming paraan para ibahagi ang inyong pananaliksik. Maaaring mapagpasiyahan na gusto ng komunidad na makapanayam sa telebisyon, upang marinig ng buong bansa ang kanilang karanasan at ideya. O, maaaring makipag-usap nang pribado sa mga kawani ng gobyerno at ibahagi ang inyong rekomendasyon. O, gusto niyong gawin pareho! Kung ang pakay na tagapanood ay nasa labas ng komunidad o ng bansa, maaaring magbigay ng payo o ng tulong ang mga kaalyadong meron nang kaugnayan sa kanila.

Pag-isipan kung paano ibabahagi ng grupo ng mananaliksik at ng komunidad ang pananaliksik at mga rekomendasyon. Pinakamainam ba kung ito ay nakasulat? Kung oo, gaano dapat iyo kahaba, at anong anyo ang magiging kaaya-aya para sa kanilang basahin? Dapat bang ibahagi ito ng personal, o gumawa ng mga karatula ng pagpo-protesta, bidyo, isang inforgraphic o sa website? Makakatulong ang mga kaalyado dito – kung siya man ay isang editor ng bidyo, nagdidisenyo ng mga grapika, o pintor. Kailangang maging madiskarte at malikhain!

Narito ang ilang halimbawa ng iba't ibang paraan para ibahagi ang inyong pananaliksik:

SUMULAT NG ULAT



Para sa mga halimbawa ng ulat ng komunidad, tignan:

- *http://bit.ly/LilongweWaterProjectCommunityOutreachReport*
- *http://bit.ly/IAP_GAT*

GUMAWA NG BISWALISASYON NG DATOS



Maaaring iguhit ito ng kamay o sa online. Para sa libreng modelo ng digital na infographic, tignan:

- *www.canva.com*

Para sa mga halimbawa ng infographics base sa pananaliksik na pamumunuan ng komunidad, tignan:

- *http://bit.ly/8StepstoCommunityLedDevelopment*
- *http://bit.ly/MalawiCommunityInfographic*
- *http://bit.ly/PanamaCommunityInfographic*

GUMAWA NG SINING



Maaaring ito ay teatro, sayaw, graffiti, litrato, pagpipinta, eskultura, o iba pang anyo ng pagpapahayag!

MAG-ORGANISA NG KOLEKTIBONG KILUSAN



Maaaring isama dito ang mga tao sa loob at labas ng komunidad, at maaaring ito ay protesta, martsa, o iba pang anyo ng pagkilos bilang isang grupo

IBAHAGI SA SOCIAL MEDIA O SA MGA ISTASYON NG MEDIA



Gumamit ng hashtag (#) o ng 'at' (@) upang maasinta ang mga partikular na account. Para sa karagdagang impormasyon sa aktibismo gamit ang social media, tignan:

- http://bit.ly/SocialMediaStrategiesforAdvocacy

MAGSAGAWA NG PAGTITIPON



Maaari kayong gumawa ng pagtitipon para ibahagi ang inyong mga natuklasan, o isulong ang ilang malikhaing pagkilos na una nang nabanggit

Anumang paraan ang inyong piliin para ibahagi ang natuklasan ng komunidad, mahalagang kasama ang komunidad sa buong proseso. Kung ang proseso ng pananaliksik ay isang bahagi ng mas malaking programa sa pamumuno ng komunidad, malaki ang magagawa ng pagbahagi ng resulta sa mga tamang tao sa tamang paraan.

Pagtapos masimulan ang adbokasiya, imbitahan ang grupo ng mananaliksik upang pagnilayan ang kanilang nararamdaman tungkol sa kabuuang proseso, suriin kung gaano na kalapit ang pagtupad ng mga layunin, talakayin ang mga balakid, at pag-isipan kung may kailangang baguhin sa programa sa mga susu-

nod na hakbang. Ito ay isang proseso ng pagkatuto at pagdiwang para sa mga indibidwal at maging sa buong komunidad. Maaari ring magnilay-nilay sa bawat bahagi ng proseso ng pananaliksik.

SAMA-SAMANG KUMILOS!

Ang pagbabahagi ng inyong pananaliksik at mga rekomendasyon ay isang mahalagang hakbang upang magsulong ng pagbabago, pati na rin sa pagmomobilisa at pagpahayag sa iba ang tungkol sa mga plano at ideya ng komunidad sa kanilang pagpapa-unlad. Sundin ang tinakdang panahon noong umpisa ng proseso ng pananaliksik na pamumunuan ng komunidad, palagiang pag-aralan ang bawat hakbang, at ayusin ang mga pamamaraan, kung kinakailangan, upang mapakinabangan ang mga tagumpay at mga bagong oportunidad.

Ang ibang komunidad, mga kilusang panlipunan o mga grupo ng lipunang sibil ay maaaring makinabang din sa inyong pananaliksik at mga rekomendasyon at gusto ring maunawaan kung paano ginawa ang pananaliksik. Ibahagi ang inyong gawa sa kanila!

INTERNATIONAL
ACCOUNTABILITYPROJECT

accountabilityproject.org

Karanasan sa pananaliksik na pamumunuan ng komunidad:

ANG KUWENTO NI ELIAS



Kamusta? Ako si Elias! Nagta-trabaho ako sa isang organisasyon na tumutulong sa mga komunidad sa Malawi upang ipahayag ang kanilang mga ideya upang maging bahagi sila ng mga proseso ng pagpapaunlad na nakakaapekto sa kanila.

Noong 2016, natuklasan namin na balak ng pamahalaan ng Marawi na magtayo ng dam sa Ilog ng Diamphwe. Direktang maaapektuhan ng proyekto ang mga kabahayan, kabuhayan at kapaligiran ng mahigit 6,000 katao! Nung panahong iyon, wala masyadong impormasyon tungkol sa nalalaman ng mga tao tungkol sa proyekto at sa mga epekto nito. Para maunawaan ito, nakipagsanib-puwersa ang aking organisasyon sa IAP upang magsagawa ng pananaliksik na pamumunuan ng komunidad. Sa loob ng 3 linggo, nagsarbey kami sa 129 na tao, nagsagawa ng naka-pokus na grupong talakayan, at ng mga magtitipon upang ibahagi ang impormasyon sa higit 700 katao na maaapektuhan. Nais naming gamitin ang mga natutuklasan sa pananaliksik para suportahan ang mga komunidad sa kanilang laban upang ipahiwatig ang kanilang mga isyu sa mga nagpaplano at nagpopondo ng proyekto.

Si Elias Jika ay nagtrabaho sa Citizens for Justice (CFJ) upang magsagawa ng pananaliksik na pamumunuan ng komunidad sa mga komunidad na maaapektuhan ng Dam ng Diamphwe sa Malawi. Maaaring basahin ang resulta ng pananaliksik na pinamunuan ng komunidad at ang ulat ng komunidad sa bit.ly/CFJ_Report at makita ang kanilang infographic sa Ingles sa bit.ly/MalawiInfographic_EN, at sa Chichewa sa bit.ly/MalawiInfographic_CH

Ang sarbey na ginamit sa pananaliksik ni Elias ay hango sa at ginawa ng Global Advocacy Team ng IAP. Ang inisyatiba ng Global Advoacy Team ay nagbubuklod ng mga taga-organisa ng mga komunidad na nakaranas ng mga proyektong pag-

Para masimulan ang aming pananaliksik, bumuo muna kami ng grupo ng mananaliksik sa bawat apektadong komunidad. Bawat isang grupo at binubuo ng 5 hanggang 7 katao, kabilang ang mga miyembro ng aking organisasyon at ng komunidad. Sinuguro naming bawat isang grupo ay may kahit isang babaeng miyembro, upang maging komportable ang mga kababaihan sa komunidad na ibahagi ang kanilang opinyon.

Matapos ihalaw ang modelo ng sarbey mula sa IAP ayon sa konteksto ng Malawi, nagsagawa kami ng mga pagpupulong upang kapanayamin ang ilan sa mga apektado. Siniguro naming kasama sa buong proseso ang mga namumuno sa komunidad, at tinulungan nila kaming maunawaan ang iskedyul ng komunidad. Halimbawa, sinabi nila sa amin na tuwing panahon ng pagpapatubo, abala ang mga tao at wala masyadong oras para makipag-usap. Isinasagawa ang mga pagpupulong sa mga parang ng putbol, paaralan o simbahan. Kinakausap namin ang buong komunidad at pagkatapos maghihiwa-walay sa mga maliliit na grupo at isahang panayam. Aktibo naming hinihikayat ang paglahok ng mga kababaihan, matatanda, at mga grupong kulang sa representasyon. Sa mga pagpupulong, madalas mas maring lalaki kaysa babae, kaya gumamit kami ng isahang sarbey upang masiguro ang pantay na bilang ng mga lalaki at babaeng makakapanayam.

Kinalap at sinuri naming ang mga sagot at ibinahagi ang resulta sa isang ulat. Sa tulong ng IAP, naibahagi namin ang aming papaunlad upang magsagawa ng pananaliksik na pamumunuan ng komunidad at i-mobilisa ang kanilang komunidad para baguhin ang konsepto at pagsasagawa ng kaunlaran. Basahin ang kanilang ulat sa: bit.ly/backtodevelopment. Makikita ang modelo ng sarbey sa Annex.




Malawi

"We used the one-on-one surveys to ensure an equal number of men and women were interviewed

"I was amazed to see how communities took matters into their own hands

pananaliksik sa tatlong bangko ng pagpapaunlad na may balak pondohan ang dam. Nakipag-ugnayan din kami sa gobyerno ng Malawi para ipaalam sa kanila ang natuklasan sa aming pananaliksik. Upang protektahan ang mga miyembro ng komunidad sa anumang paghihiganti, hindi namin isinama ang pangalan ng mga taong lumahok sa pananaliksik, o ang mga komunidad na kinakatawan nila.



Matapos basahin ang mga rekomendasyon ng komunidad sa kabayaran, pagpapalipat, at pagbalik ng kabuhayan, napagtanto ng tatlong bangko na malaki ang idudulot na pinsala ng dam sa Ilog ng Diamphwe. Kaya, isa-isa silang nagdesisyong hindi pondohan ang proyekto. Habang may ibang bangko at kumpanya na maaari pa ring magpondo ng dam sa hinaharap, sa ngayon, napakinggan at ginalang ang boses ng mga komunidad.

Sa kabuuan ng proseso ng pananaliksik, namangha ako sa ginawang pag-kilos ng mga komunidad, at kung paano nila pinaglaban ang kanilang sarili. Nagsama-sama sila at nagpasiya ng kanilang mga susunod na hakbang. Dahil sa tagumpay ng kanilang kampanya, naangkin nila ang kanilang kapangyarihan upang hubugin ang kanilang sariling kaunlaran!



Mga Tanong para sa Talakayan:

1. *Paano siniguro ni Elias at ng kanyang grupo na kasama sa panana-liksik ang lahat ng pananaw ng komunidad?*
2. *Sino ang mga pakay na tagapanood ng pananaliksik, at ano ang kanilang papel sa proyekto?*
3. *Paano naimpluwensyahan ng pananaliksik ang proyekto?*

MGA MATERYALES SA PAGGAWA

Binabati ka namin – natapos mo na ang *Gabay Sa Pagkilos Ng Komunidad Para Sa Pananaliksik Na Pamumunuan Ng Komunidad mula sa IAP!* Nawa'y nararamdaman mong handa ka nang magsagawa ng sarili mong pananaliksik na pamumunuan ng komunidad. Para matulungan kang magsimula, narito ang ilan pang mga pagkukunan:

1. **Checklist Bilang Suporta sa Pananaliksik na Pamumunu an ng Komunidad**

   Binabalangkas sa dokumentong ito ang lahat ng hakbang na tinalakay sa Gabay na ito. Maaari mong kunin ang checklist, gumawa ng kopya, at gamitin bilang paalala sa lahat ng hakbang sa iyong pagsasagawa ng pananaliksik na pamumunuan ng komunidad.

2. **Isang Modelo ng Sarbey para sa Pananaliksik na Pamu munuan ng Komunidad**

   Gamitin ang modelong ito ng sarbey upang gabayan ka sa inyong pananaliksik na pamumunuan ng komunidad. Malaya kang ihalaw ito batay sa konteksto ng iyong komunidad, o gamitin bilang inspirasyon na gumawa ng sarili mo!

Nais kilalanin ng IAP ang mga sumusunod na tao at organisasyon para sa kanilang kontribusyon sa Gabay na ito:

Mela Chiponda, WoMin

Sukhgerel Dugersuren, OT Watch

Elias Jika, International Accountability Project